THE GOLDEN HARVEST
THE OFFCIAL TE[illegible]NT PUBLICATION OF TAR[illegible]AGRICULTURAL UNIVERSITY
VOL. 1 | ISSUE NO. 1 AUG-DEC 2025



FLOODING DEMANDS. Camileños and Tarlac Agricultural University (TAU) students near the DPWH flood control project in Camiling raise concerns over the costly undertaking, calling for concrete measures as flooding persists despite its completion. *Captured by John Lloyd Pabloreña*

TAUians, Camileños decry recurring floods amid costly control projects

Mariah Ardel Quilpa

Tarlac Agricultural University (TAU) students and Camiling residents continue to endure recurring floods despite more than a decade of multimillion-peso government flood control projects.

Samantha Villa, a second-year TAUian living near the Agno River dike, described how sudden and destructive the floods can be. “Madalas po kaming nababaha dito, lalo na po ‘pag nagpapakawala po yung dam,” she said.

“Hindi kami handa kasi akala namin hindi na kami babahain pero sa sobrang lakas ng agos ng tubig may nasirang parte ng dike dito sa amin,” Villa added.

Another TAU student, Rhies Ann Convocar, recalled how floodwaters reached dangerous levels in previous years. “May ahas pang kasama,” she said, recounting how wildlife would enter homes during severe flooding.

“Taon-taon”

Along Romulo Highway, Barangay Cacamilingan Sur, and Cacamilingan Norte, residents interviewed during the latest overflow of the Camiling River expressed frustration over what they describe as a yearly cycle of damage and disruption.

“Lagi-lagi naman ‘yan, taon-taon,” one resident said, explaining that the floods repeatedly destroy appliances, furniture, and livelihood. “Perwisyo. Maraming nasisirang gamit. Tsaka, yung pangkabuhayan namin, napuputol.”

Some residents have lived with flooding for decades, believing it to be an unavoidable part of life until recent controversies surrounding flood control projects surfaced.

One long-time resident shared, “30 plus years na akong nakatira sa Caca Sur. Nasanay na sa baha. Pero nung nalaman ko yung issue ng flood control, hindi pala dapat tayo masanay kasi better pala sana ang quality of life ng Pilipino kung hindi kinurakot ang pera sa improvement ng bansa.”

Another reflected on the condition of the community over the years, “Mga 1978 noong nililigawan ko ang naging misis ko diyan sa lugar, ang baha ay ‘di pa gaanong kataasan at nagulat na lang ako bakit nagkaganyan na ngayon.” ▶ 2

Bilyong pisong PPP target ng TAU; VPPQA inilatag mga proyektong pang-imprastruktura

Jayron Mark Dela Cruz

Bilang bahagi ng inisyatibang “Smart TAU,” target ng Tarlac Agricultural University (TAU) ang bilyong pisong Public-Private Partnership (PPP) upang tustusan ang modernisasyon ng mga pasilidad nito, ayon kay Vice President for Planning and Quality Assurance (VPPQA) Leonel Lijauco, na naglahad ng mga planong pang-imprastruktura ng unibersidad, Oktubre 2.

Sa isang panayam sa The Golden Harvest, binanggit ni Lijauco na isang Pinoy-European partnership ang naghain at nagpresenta ng proposal sa pamunuan ng unibersidad, na kasalukuyan nang hinahanapan ng pondo.

“Ang hinihingi ng TAU is one billion. Kasi isasama na ‘yung smart gate diyan,” ani Lijauco.

“Hindi lang solar panel yung sa project na ‘yun, magiging part na lang siya ng isang bilyon,” dagdag niya, habang binibigyang-diin ang benepisyong matatamo ng unibersidad sa ugnayan.

Smart TAU

Ayon kay Lijauco, layon ng PPP na mapondohan ang solar panel installations, proyektong smart gates, at iba pang teknolohiya.

“Ang plano ni President dito [sa solar panel installation], hindi tayo magbabayad [ng kuryente] kundi magbebenta pa tayo sa TARELCO,” pahayag ni Lijauco.

Makadaragdag naman umano ang mga itatayong smart gates sa pagmomonitor ng mga lumalabas-pasok ng pamantasan, gayundin sa pagpapanatili ng seguridad ng mga nasa loob nito.

“Four smart gate na may face recognition. Ibig sabihin, may barrier. Parang pag ‘pumasok ka ng TAU, face recognition na lang. Although this is a state university, pero still kailangan mong i-protect yung community,” paliwanag ni Lijauco.

Sa pakikipag-ugnayan umanong ito ay makakamit ang hangarin ni TAU President Dr. Silverio Ramon D.C. Salunson na Smart TAU. “Doon sa Smart TAU na ‘yun, mayroon kang solar, technology at meron kang smart gates.”

Mga susunod na proyekto

Bukod sa mga naturang proyekto, inilahad din ni Lijauco ang iba pang mga minamataang proyektong pang-imprastruktura ng administrasyon, katulad ng pagtitirik ng mga solar light sa kagagawang daan sa pamantasan.

Bagama’t may pondo nang nailaan para dito, hindi nito tiniyak kung kailan ito sisimulan.

“Nakita ko noon, three weeks ago, as BAC chair, mayroon akong pinirmahan doon regarding sa RIS ng solar light, kaya magkakaroon pa rin ng solar light ‘yan,” ani Lijauco. ▶ 3

OPINYON
Plus 10 points = Minus Value; Padilla ain’t Solving ▶ 8

EDITORYAL
Cease This Practice ▶ 11




DEBKOM
Siksikang Populasyon: Salat sa maayos na silid ▶ 12



LATHALAIN
Gregorio Brillantes: Ang Maestro ng Malalim na Kuwento at Kaisipan. ▶ 16



PANITIKAN
THRESHOLD ▶ 20



TAUians slam Ragsakan 2025 entrance system, cite long lines, food ban concerns; SSC prexy responds

Marc Joshua Dela Cruz

Student-attendees of Ragsakan 2025 voiced frustration over long lines caused by the Supreme Student Council's (SSC) reportedly 'unorganized' entry system, with queues stretching as far as the Mayantoc–Malacampa crossing from around 5:00 p.m. onward.

In an interview conducted by the Golden Harvest (GH) the night after the event, December 16, students, while appreciating SSC's effort to safeguard participants by imposing stricter guidelines, still cited the need for improvements in entry management, which they said led to severe congestion and marred the event experience.

"This year's Ragsakan is kinda exhausting when it comes to the entry management, like I didn't even expect na ganoon ka-grabe yung pila," a second-year College of Engineering and Technology (CET) student, who refused to be identified said.

Another CET student, Aron Dancel shared similar sentiments: "Yung pag-entrance lang po is medyo hassle kasi matagal. Mahaba yung pila tapos maraming requirements."

Jamela Melu Reyes from the College of Arts and Sciences (CAS) also communicated her personal experience navigating the event entrance.

"Nagkaproblema kami sa entrance kanina kasi hindi masyadong clear sa amin yung mga guidelines," Delos Reyes stated.

A third-year student from the College of Agriculture and Forestry (CAF), who requested anonymity, expressed empathy for those who endured long hours in line just to enter the event.

"Sobrang haba ng pila. Kawawa yung mga students na hindi nakakatagal sa ganoong set-up, like mabilis mangalay yung paa," the student said.

Concerns also extended to the food prohibition inside the venue and inadequate time management.

From the SSC

Addressing students' mounting concerns on the entrance system, SSC President Sean Nicole Chico, in an interview, attributed the delays and long lines to attendees who failed to complete entrance requirements.

"Nagkaroon ng aberya sa pagpapakita ng requirements ng ilang attendees, kaya mas tumagal ang usad ng pila," Chico said.

Although they anticipated a large turnout with free admission and a strong lineup of artists, she admitted manpower shortages affected crowd accommodation.

"We can still improve this by assigning more officers, opening the gates earlier, and reminding attendees of the guidelines more often para mas mabawasan ang admission time," she added as for the SSC's resolution.

When asked about information dissemination, following complaints that guidelines were "unclear," Chico said she was "reasonably confident" that they were shared and sent via official channels, including Facebook, community pages, group chats, and even comment responses.

However, she further acknowledged that "dissemination does not always translate to complete reach," which for her, an aspect they could improve in the future events.

Why ban food inside?

Last year's Ragsakan, attended by nearly 2,000 spectators, saw the SSC grapple with persistent waste management issues after the event, according to Chico.

"During the planning process, it was raised by many offices yung nangyari last year na sobrang daming kalat sa covered court and mas lalo na sa oval," Chico communicated.

Despite 2024 Ragsakan's publicized food guidelines "Eat your foods at the stalls," many students still brought foods inside the venue due to inspection lapses.

To prevent this from happening again, the SSC decided to completely ban food inside the venue and assign personnel at the entrance to monitor.

"With this guideline, nakitaan natin ng big improvement ang waste management at kaunti na lamang na basura ang nakolekta," she further said.

"Medyo malinis din kasi hindi inaallow yung foods inside the venue," Albino Paraiso III from the College of Veterinary Medicine (CVM) confirmed.

Aspect to improve

Paraiso, while praising the SSC's efforts in waste management, noted, however, "Yung iba ang aga na nagpunta dito kanina, pero anong oras na rin kami nakapasok."

Similarly, in response to questions on the SSC's shortcomings this year, Chico personally cited time management as an area for improvement.

"We could have handled it a lot better if we become strict with the time," she said.



> *"All of their suggestions are what we truly need for improvement because it is where we could grow as a council and as a leader"*

"It's also an eye opener that we can revise pa yung admission but not remove the two-way verification anymore dahil nakatulong din talaga yun as a security measure," she added.

Crowd favorite

Despite those concerns raised, student-attendees also recognized the council's dedication in making the Ragsakan memorable and entertaining.

"Na-enjoy ko talaga yung event. Parang Aurora Fest ang vibe sa loob at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng event," the third-year CAF student shared.

"Since first time ko here, ang pinaka na-appreciate ko is yung nagkaroon ako ng mga instant kaibigan na nakipag-interact sa akin from different colleges pa," Reyes from CAS said.

The SSC's artists selection, on the other hand, impressed second-year CET student.

"Siguro the way they chose kung sino yung mga performers and guests kasi for me, ang gaan nung mga napili nilang banda," he stated, adding that the Ragsakan helped them relax after a long and hectic semester.

For Paraiso, a freshman, his experience was far beyond his expectation and what he had already witnessed.

"Medyo shocking kasi umaaattend na ako ng mga previous concert na ganto, and mas nag level up yung experience ko since mas malaki na yung venue," Paraiso expressed.

"Nagulat din ako na sa Ragsakan, merong mga local artist, like hindi basta-bastang local artists, yung mga kilala talaga," he added.

Moreover, two students from CET shared similar thoughts on the SSC's safety measures imposed, saying: "Na-maintain nila yung safety sa pamamagitan ng mga inspection sa entrance palang."

Given the artists hype, the SSC, aiming to provide students' a safe experience, prioritized stricter security protocols implementation to control outsider access.

"Nag-implement kami ng 2-way verification process to help us ensure na tanging authorized attendees lamang ang nakakapasok sa venue," Chico said.

"It's a sacrifice of convenience for a more safer protocol," she then followed, citing time and manpower allocation as key considerations.

Following the event's successful culmination, Chico shared "mas kaunti ang naitalang incidents," with the help of those measures.

Final verdict, message

Reflecting on the preparations and the actual event proper, Chico affirmed Ragsakan 2025 as a success, pointing to last year's concerns resolution and improved mechanisms.

She also credited the increased attendance count to the artists' line-up, saying "with the invited guest artists, mas dumami ang mga piniling manatili sa TAU upang panoorin ang kanilang performances."

This year's Ragsakan drew over 3000 attendees, a 50% up from last year's turn-out.

Chico further expressed gratitude to every TAUian who showed support by participating "in the most anticipated event of the year... after the chaotic final exams."

"We hope that they enjoyed and left them something worth to remember as 2025 nearly ends," Chico said.

"We hope that they continue to welcome and support Ragsakan for the next years to come," she added.

With both concerns and positive feedback aired, Chico emphasized the importance of student input in the post-event planning.

"All of their suggestions are what we truly need for improvement because it is where we could grow as a council and as a leader," Chico stated.

Ragsakan, featuring Fitterkarma, EDSAXXTRA, and Jan Roberts as guest artists this year, is an annual celebration aimed at providing students an avenue for self-expression and entertainment. *With reports from Maria Agliam and Lea Pallasigue.*

▶ 1

TAUians, Camileños decry recurring floods amid costly control projects

This long history of flooding, residents said, made the most recent incident feel painfully familiar. On July 23, 2025, as rains from Tropical Depression Emong and Tropical Storm Dante intensified over Central Luzon, rising floodwaters once again swept through Camiling, forcing the Philippine Air Force to rescue trapped families.

Scrunity over multimillion flood control project

Public frustration intensified after GMA Integrated News reported that the Camiling Agno River Flood Control Phase 3, costing ₱289.5 million, was the most expensive flood control project in the country at the time of reporting.

'Yun nga eh, napanood ko sa TV. Nagulat nga ako, ito pala yung pinakamahal pero hindi solidong gawa... Parang natipid yung mga materyales, one resident said.

Despite the Department of Public Works and Highways (DPWH) attributing the project's cracks to "extreme heat" that can cause concrete to expand, residents were unconvinced.

They argued that the damage appeared to indicate deeper structural issues—concerns heightened by the condition of another nearby project, a ₱94.5-million slope protection structure completed just two years ago, which has already shown exposed steel bars and crumbling concrete.

Another resident added that despite repeated complaints, no substantial action has been taken. "Hindi naman inaksyonan, matagal na namin pinasabi. Wala pong aksyon eh, puro tingin lang dito."

Camileños noted that local officials conduct periodic inspections, though many believe these are not enough to prevent structural failures.

"Mga 1-5 times lang a year nagkakaroon ng inspection dito sa amin," Villa said. "Pero pinalitan naman ang ibang parte ng dike na sobrang luma na para 'pag tumaas ang tubig sa ilog ay hindi magigiba."

Agricultural losses

Beyond residential damage, the floods have repeatedly devastated rice fields, one of Camiling's primary agricultural resources.

The Department of Agriculture Disaster Risk Reduction and Management Operations Center (DA DRRM-OC) reported on August 7, 2025 that consecutive onslaught of Typhoons Crising, Dante, and Emong in July 2025 caused ₱3.53 billion in agricultural losses across multiple regions, including Central Luzon.

Villa shared how this affects families, "Lalo na sa mga magsasaka dito sa amin noong nakaraan na baha ay maraming mga palay ang nasira."

"Lalo na mga bukid namin. Hindi inaabot ang bahay namin pero ang mga pananim namin laging bahang baha," another resident said.

Call for higher, more durable dikes

Students and residents emphasized the need for sturdier materials and more reliable engineering.

Villa stressed. "Ang gusto kong makitang improvements ay mas taasan pa ang mga dike at gumamit ng matitibay na mga materials, syempre huwag din tipidin."

"Mas bigyan ng budget tsaka yung mataas na matibay, puro taas e," Convocar echoed.

Some residents also noted inconsistencies in the reconstruction of damaged sections.

"Kasi yung pinalit, mas mababa naman. Mas maganda pa yung dati kasi mataas siya eh. Let us be real, kahit gaano kaganda ang plano kung hindi pulido ang execution, wala rin" one resident said.

As Camiling continues to grapple with yearly flooding, residents and students alike are calling for stronger, more transparent, and more durable solutions.

CVM-SC party eyes CBL changes, improved student dialogue

■ Ria Pimentel and Gerald Bedania

Unopposed party for College of Veterinary Medicine – Student Council (CVM-SC), led by Jomarie S. Tamondong, shared plans to revise the council's existing Constitution and By-Laws (CBL) and establish stronger connections among Veterinary students across all year levels.

During the college-based miting de avance held at the Old Student Center Building on Wednesday, September 10, Tamondong, representing the SERVE Vets Party, stated: "Upon scanning, 'yung CBL natin is yung last revision pa ay 2017–2018 pa."

"Yung ibang sections doon ay obsolete na and kailangan na ng revision para makapag-cope din tayo sa current situation na meron tayo," Tamondong added.

To keep up with the changes, he further suggested adopting some sections from the revised CBL of the Supreme Student Council (SSC).

"This year nagkaroon rin ng revision sa CBL ng SSC, in-scan ko iyon and may mga nakita ako na pwede rin natin i-adopt sa CBL natin," he said.

Tamondong also proposed a "Feedback Bridge," which primarily aims to help Veterinary students express their concerns to faculty and university officials.

Moreover, aspiring vice chairperson Mr. Dan Isaac P. Oficiar introduced another platform called "Buddy Life Line," focused on fostering connections between senior and junior Veterinary students.

"The purpose is to have a senior and junior partner. Kunwari, meron tayong third year (senior) and first year (junior), mag-papartner sila. Ang purpose nito is kapag may tanong si first year regarding sa mga house rules, sa mga ginagawa sa vetmed, and other things related sa ating colleges," Oficiar elaborated.

The meeting concluded with an open forum where students actively raised questions about the candidates' platforms.



UP/OUTDATED. College of Veterinary Medicine Student Council (CVM-SC) presidential hopeful Jomarie Tamondong, during their college-based miting de avance on September 10, exclaims the need for a Constitution By Laws (CBL) revision to align outdated and obsolete sections with the Supreme Student Council's newly modified CBL. ***Captured by Dom Gelacio***

BALITANG NASYONAL

Php500 Noche Buena budget ng DTI sinalubong ng kritisismo; TAUians: 'di makatarungan'

■ Richee Francene Untiveros

Umani ng samu't saring reaksyon ngayong kapaskuhan ang pahayag ni Department of Trade and Industry (DTI) Secretary Maria Cristina Roque na umano'y kakasya ang Ph 500 bilang budget para sa Noche Buena ng isang pamilya.

Sa panayam ng DZMM Teleradyo isang buwan bago ang Pasko, sinabi ni Roque na sa halagang Php500 ay maaari nang makapaghanda ang isang pamilya ng karaniwang pagkain sa hapag tulad ng spaghetti, ham, at macaroni salad.

Iniugnay ito ng kalihim sa DTI Price Guide, kung saan, aniya, wala umanong malaking pagbabago sa presyo ng mga bilihin kumpara sa nakaraang taon.

Parang panaginip

Dahil mahalagang tradisyon na ang Noche Buena para sa maraming Pilipino, mabilis na tinutulan ng karamihan ang naturang pahayag.

Ayon kay ACT Teachers Party-List Representative Antonio Tinio, isang insulto sa mga manggagawang Pilipino ang pahayag na pilit ipinapakitang sapat ang Php500 sa gitna ng patuloy na pagtaas ng gastusin.

Bagama't ipinatupad ng administrasyong Marcos ang 60-day price freeze sa basic at prime commodities kasunod ng pananalasa ng bagyong Tino nitong Nobyembre, hindi pa rin ito sapat para mga manggagawang apektado ng kalamidad.

"Kakasya siguro ang 500 pesos if you travel back in time," komento ni Akbayan Party-List Rep. Percival Cendaña.

Php500, hindi na makatotohanan

Para kay Joela Tomas, estudyante ng Bachelor of Arts in Economics ng Tarlac Agricultural University (TAU), malayo na sa reyalidad ang Php500 budget kung ihahambing sa kasalukuyang presyo ng mga bilihin.

"Hindi sapat ang Php500 lalo na kung gusto ng disenteng handa sa Noche Buena. Kung titingnan ang consumer behavior, ang families ay hindi lang bumibili ng basic goods kundi pati mga traditional holiday items. Dahil sa inflation at patuloy na pagtaas ng input costs tulad ng kuryente, gasolina, at raw materials, mas mataas na talaga ang presyo ng mga bilihin sa aktwal na palengke at grocery," paliwanag ni Tomas.

Dagdag pa niya, kahit pa maghanap ang mga pamilya ng mas murang alternatibo o ng sinasabing "bundles" ng DTI, nananatiling limitado ang pagpipilian at hindi pa rin sapat upang matugunan ang kanilang pangangailangan.

Sinang-ayunan ito ng isa pang estudyante mula sa parehong programa, na binigyang-diin ang patuloy na pagbaba ng purchasing power ng piso kasabay ng pagtaas ng presyo ng pangunahing bilihin.

"Sa kasalukuyang inflation na nararanasan ng bansa, patuloy na tumataas ang presyo ng mga pangunahing pagkain at iba pang mga sangkap na karaniwang inihahanda tuwing Noche Buena. Mas mataas na ang gastos ng mga pamilya kumpara sa ibinibigay na budget ng DTI at mas kaunti na rin ang nabibili ng parehong halaga ng pera kumpara sa mga nakaraang taon," pahayag nito.

Datos ng PSA

Batay sa pinakahuling ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA), bahagyang bumaba ang inflation rate sa 1.5% nitong Nobyembre mula sa 1.7% noong Oktubre.

Gayunpaman, mabagal pa rin ang pagbaba ng presyo ng mga produktong tulad ng gulay, karne, gatas, itlog, asukal, at iba pang dairy products at desserts, na nagtala lamang ng 0.3% annual decline.

Samantala, tumaas naman ang presyo ng ilang food commodity groups gaya ng harina, mantika, tinapay, pasta, cereals and nuts, isda at iba pang seafoods, at prutas—mga kasangkapan na may pinakamalaking ambag sa food inflation nitong Nobyembre.

Presyo bantayan, sahod itaas

Ayon kay Tomas, mas nararapat umanong pagtuunan ng pansin ng DTI ang mas mahigpit na price monitoring, anti-hoarding measures, pagpapalakas ng kompetisyon sa merkado, at mas malinaw na consumer education kaysa sa paglalabas ng departamento ng mga budgetary estimations.

"Bilang economic student, naniniwala ako na kung maayos ang regulation at information dissemination, mas nagiging efficient ang market at mas napoprotektahan ang consumers," ani Tomas.

"Maganda ang intensyon ng DTI, pero kailangan itong samahan ng mas structural solutions para tunay na maramdaman ng mga konsumer ang suporta ng gobyerno," dagdag pa nito.

Para naman sa isang third-year economics student, mas mainam na maglabas na lamang ng malinaw at napapanahong impormasyon tungkol sa SRP ang DTI upang maiwasan ang pang-aabuso ng ilang market players.

Sinuportahan din ito ni Jesa Mae Copioso mula sa Kolehiyo ng Edukasyon, na iginiit ang pangangailangan ng aktwal na datos sa presyo ng mga bilihin sa iba't ibang pamilihan at mas mahigpit na pagpapatupad ng mga batas laban sa hoarding at overpricing.

"Mahalagang magbigay sila ng mas makatotohanan na impormasyon tungkol sa mga programa na makatutulong upang mapagaan ang gastusin ng mga konsyumer, lalo na sa panahon ng kapaskuhan," saad ni Copioso.

Samantala, binigyan-diin ng ilang mambabatas na ang pagpapataas ng sahod ang mas pangmatagalang solusyon upang matulungan ang mga Pilipino, hindi lamang tuwing Pasko kundi sa araw-araw na pamumuhay.

Hinimok ni Cendaña ang gobyerno na unahin ang panukalang Php 200 minimum wage hike upang magkaroon ng dagdag na kakayahang gumastos ang mga manggagawa sa panahon ng okasyon.

"Dapat ang mga korap ang pagtiisin sa P500 Noche Buena. Isauli na ang ninakaw. Ibaba ang presyo. Itaas ang sahod. At ang first step dito, dapat may big-time na managot," pahayag naman ng Kabataan Party-List.

Sa kabila ng mga batikos, ipinaliwanag ni Roque na ang Php 500 ay inilaan bilang gabay para sa mga pamilyang pinipiling salubungin ang Kapaskuhan nang simple at praktikal.

"Not everybody wants to celebrate ostentatiously," saad nito.

Nilinaw rin ni Roque na ang naturang budget ay hindi pare-pareho para sa lahat at nakadepende sa dami ng miyembro ng pamilya at sa uri ng handang ihahain.

▶ 1

Bilyong pisong PPP...

Kabilang din sa mga susunod na proyekto ang Integration of Renewable Energy Collection Systems in Existing Academic, Administrative, and Support Services Buildings in the University Phase 1 na may tinatayang halaga na P8-milyon, at ang Repair and Rehabilitation of Road Networks with Provision of Walkable Pedestrian Pathways for Employees and Students and those with Special Needs Phase 2 na nagkakahalaga ng P20 milyon.

Isasailalim din umano sa rehabilitasyon ang Gilberto O. Teodoro (GOT) Multipurpose Center. “Katulad ng sinabi kahapon ni President sa SSC (Supreme Student Council), talagang may instruction na rin sa akin, nagpaquote na ako [dahil] gusto niya ang gym naka-aircon.”

Sa panayam, hindi nabanggit ni Lijauco ang halaga ng rehabilitasyon ng pasilidad, ngunit sinabi nito na target itong tapusin sa susunod na taon.

“Basta ang gusto niya [President], pipilitin niya na mahabol by June 2026 yung aircon. Basta malamig ang gym ng June. So possible by next year, by January [ang simula ng rehabilitasyon],” saad nito.

Proposal sa 2027

Ipinahayag din ng bise presidente ang mga proposal para sa taong 2027, kabilang ang P125-milyong Construction of College of Business and Management (CBM) Business Education Center and Laboratory na itatayo umano sa likod ng Agribusiness Center.

“Tatanggalin diyan (sa dalawang gilid ng GOT Multipurpose Center) ang CBM, ilalagay diyan sa may fish pond (likod ng Agribusiness Center),” aniya.

Bahagi umano ng pagsunod sa Land Use Development and Infrastructure Plan o LUDIP, isang mandated strategic plan na ipinatutupad sa mga State Universities and Colleges (SUCs) sa Pilipinas, ang hakbang na ito.

“Kailangan nating sundin (ang) LUDIP. Parang bibliya siya na naka-zone, hindi pwedeng watak eh. Kung titignan niyo, watak ang CBM kaya ang ginawa dati, inilipat ang CAS (College of Arts and Sciences) doon tapos dinagdagan ng building. Kaya ang mangyayari, ise-centralize mo lahat ng academics, kaya magkakatabi na halos ang academics dito,” dagdag pa niya.

Samantala, ang mababakante umanong mga gusali sa dalawang gilid ng gym ay posibleng maging tuluyan ng mga atleta. “Iva-vacate nila yan para maging, parang hostel ang dating. Parang ang pagkakaintindi ko doon, may portion doon na doon ilalagay ang mga athlete. Baka gawing establishment [iyong kabila].”

Nilinaw naman ni Lijauco na hindi pa tiyak ang mangyayari sa mababakanteng mga gusali.

Dagdag pa sa proposal ang humigit-kumulang P418 milyon para sa pitong pangunahing proyekto sa unibersidad, kabilang ang renewable energy systems, rehabilitasyon ng mga gusali, dormitory expansion, NSTP building with student headquarters, food technology laboratory, soil and crop laboratories, at child research laboratory.

May P120 milyon ding inilaan para sa upgrading ng mga engineering-related centers, rehabilitasyon ng lumang goat shed, at pagtatayo ng multi-faith chapel.

Kasalukuyang proyekto

Isinambulat din ni Lijauco ang mga kasalukuyang proyektong pang-impraestruktura ng administrasyon kabilang ang pagsasaayos at pagpapaganda ng mga silid sa College of Agriculture and Forestry na nagkakahalaga ng P20.56 milyon; paglalagay ng pathway at connecting roof sa CVM Diagnostic Teaching Hospital; pagtatayo ng mga waiting shed; at ang P2.16-milyong Laboratory School (LS) Multipurpose Area na nito lamang Nobyembre natapos.

“On going (ang Repair and Rehabilitation and Modification of the College of Agriculture and Forestry Classroom Building), pero ine-expect sana naming matapos ito by first semester. Pero base sa evaluation ng opisina, including the PDO (Planning and Development Office), possible diyan baka second semester na,” ani Lijauco.

Nabanggit din niya na ang pondo para sa pagtatayo ng mga waiting shed, na proposal ng nakaraang pamunuan ng SSC, ay nagmula sa Commission on Higher Education (CHEd).

“Noong nag-usap kami ni Jethro (former SSC president), noong June or May, ang proposal niya lang, yung dalawa. Kasi yun yung dalawang pinag-usupan namin na pinapasuyo ko na gawan ng layout – isang waiting shed papuntang Camiling, at isang waiting shed na papuntang Nacia,” paliwanag niya.

Mga natapos na proyekto

Samantala, ilan sa mga natapos ng proyekto ay ang P19.9-milyong road networking na may pedestrian pathways, LS multipurpose area, upgrading ng mga laboratoryo at research areas, at pagsasaayos ng guest house, na sa kabuuan ay nagkakahalaga ng tinatayang P37.23 milyon.

Ayon kay Lijauco, maliban sa dagdag seguridad, makatutulong pa umano ang mga proyektong ito sa paglinang sa kaalaman ng mga mag-aaral.

“Kung pagdating sa building na mayroon kang mga laboratories, mas mae-enhance ang kaalaman ng estudyante, kasi imaginen-in mo, kung iko-compare mo yung panahon noon sa ngayon, nung time namin wala kaming mga equipment,” ani Lijauco.

“Kung naka-modernized yung road network, magiging secured ang estudyante, hindi maglalakad na may dalang flashlight or hindi nangangamba na sa paglakad mo ay may maapakan kang ahas,” dagdag pa niya.

Isa pa sa mga nakikita ni Lijauco na makapagbibigay ginhawa sa mga mag-aaral ay ang pagsasaayos ng mga dormitoryo ng pamantasan.

Subalit, binigyang-diin nito na sakaling makumpi at mapaganda ang dormitoryo, bahagyang aakyat ang babayarang dorm fee ng mga nagungupahan.

“Hindi naman pwedeng naka-retain kung ano yung bayad mo ng 2024 or 2023 is the same with 2030. Magkaiba ng estado nun, dahil nagbabago na rin yung value ng pera. Pero hindi siya ganoon kamahal, kahit papaano, may kakayahan pa ring bayaran ng estudyante,” saad ng bise presidente.

Gagamitin umano ang karagdagang bayad sa pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng lugar.

Sa kasalukuyan, patuloy pa ring nakikipag-ugnayan ang administrasyon hindi lamang sa mga pribadong institusyon kundi pati na rin sa Kongreso upang maisakatuparan ang mga nailatag na plano.



SILONG TAU. Bilang bahagi ng adbokasiya ng unibersidad na “Smart TAU,” handog ng Supreme Student Council (SSC), sa tulong ng Commission on Higher Education (CHED), ang dalawang waiting shed na naglalayong mabigyan ng ligtas at komportableng espasyo ang mga estudyanteng komyuter ng TAU. ***Kuha ni Jayron Mark Dela Cruz***



BILYONG PISONG PAGBABAGO. Ibinahagi ni Vice President for Planning and Quality Assurance (VPPQA) Leonel Lijauco ang bilyong pisong planong modernisasyon ng unibersidad sa mga pasilidad nito, na matatamo aniya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga pribadong kumpanya. ***Kuha ni Zachary Ñino Navarette***

Ex-SSC prexy to student leaders: ‘Make your own legacy,’ lead with purpose

■ Marc Joshua Dela Cruz & Lea Pallasigue

Former Supreme Student Council (SSC) President Emerson M. Jasmin challenged newly inducted Tarlac Agricultural University (TAU) student leaders to build a lasting legacy and serve the studentry with pure intention as they formally assumed their respective posts for Academic Year 2025–2026.

During the annual Mass Induction and Oath-Taking Ceremony held at the Gilberto O. Teodoro Multipurpose Hall on September 25, Jasmin, who served as the event’s guest speaker, emphasized student leaders’ vital roles in advancing student welfare and strengthening campus leadership, recalling the projects introduced during his administration, which he urged students to reflect on.

“I want you to make your own legacy, okay? Legacy niyo ‘yan, something that people will remember this batch ng 2025-2026. Huwag kayong pumayag na ‘pag nawala kayo, wala kayong [maiiwang] positibong marka.” Jasmin said.

“During our time sa SSC, we can proudly say na we did our best and we made an impact,” he added.

Jasmin, having been elected to the highest governing body, institutionalized the Student Incentive Program during his 2017–2018 tenure, an initiative that continues to benefit TAUians today.

In his talk, he also pointed out the current officers’ responsibility to guide and train the next set of leaders who will soon be leading the TAU community, stating: “Wag kayong aalis ng TAU na wala kayong napipiling leader na mas magaling sa inyo.”



INSIGHTS FROM EXPERIENCE. Past-term Supreme Student Council (SSC) President Emerson M. Jasmin, while reflecting on his leadership journey, presses newly inducted Tarlac Agricultural University (TAU) student-leaders on September 25 to lead with sincerity, guided by a vision for legacy building and mentorship. ***Captured by Zachary Ñino Navarette***

Intentions questioned

With more than 70 recognized student organizations present, including student government bodies, Jasmin pressed them to question their motives in serving the community. “I’m talking about your intentions. Your real intentions. Why did you run for office?”

He further reminded attendees that while elections may bring recognition, incentives, or titles, the true test of leadership begins after winning.

“This time, totohanin mo na. Ikaw ba yung sinasabi mo? Totoo ba yung sinasabi mong, ‘I want to serve?’” he said.

“The biggest indicator na masasabi mong you really have the intention to serve is kapag tinitimbang mo na yung pag-aaral mo doon sa mga schedules mo sa organization, sa mga schedule mo sa council,” he added.

Drawing from his leadership journey, Jasmin ended his speech with a message: leadership is measured by service, not by status.

“Leadership should be accompanied with experience, not the other way around… accept the challenge to make your own legacy, to train leaders better than you, and to rewrite your intentions to serve the university,” he remarked.

Called to served

Aside from SSC and the College Student Council (CSC), this year’s induction also recognized 22 academic organizations, 12 socio-civic groups, six religious organizations, eight fraternities and sororities, 13 special interest clubs, and five university-sanctioned organizations.

According to TAU–Commission on Elections (COMELEC) Vice Chairperson Junan John Carlo Duque, out of the 66 recognized organizations, five were new, including the Federation of Future Science Educators (FFSE) under the Academic Category.

Six organizations, however, failed to renew their accreditation this year, Duque disclosed.

Meanwhile, as part of the event, the newly elected and appointed student leaders took their oaths, signaling the start of their term of service.

More students, more funds, more projects... Dr. Salunson sees 7-7 class sched as beneficial; calls for student support

Mark Clarence Domingo & Richee Francene Untiveros

Tarlac Agricultural University (TAU) President Dr. Silverio Ramon D.C. Salunson, on Wednesday, August 6, shared that the implementation of the 7:00 a.m. to 7:00 p.m. class schedule, along with the increased student intake, would bring long-term changes to the university.

According to Dr. Salunson, although tuition is free for students, the university still bills the amount to the Unified Financial Assistance System for Tertiary Education (UniFAST), which reimburses State Universities and Colleges for the total tuition fees waived under the Free Tuition Law.

Based on estimates, if each student is billed at Php15,000 and the student population reaches 7,000, TAU could receive as much as Php 100 million from the Commission on Higher Education (CHEd), which could potentially support infrastructure development and provide "more benefits" to students, faculty, and staff.

ESTIMATE

Php 15,000 bill of each student

X 7,000 Student Population

=Php 105 M

Projected CHEd budget for TAU

"For example, ang nakukuha natin galing sa CHEd ay nasa Php 100 million. So, out of the Php 100 million na nabibill natin sa CHEd, napupunta 'yan sa mga projects natin. Pero kung mama-maximize natin 'yan, let's say, mag-add tayo ng additional 700 students, meron tayong additional na 10.5 million," Dr. Salunson detailed.

Additionally, he also pointed out that a larger student population would proportionally increase the budget allocations for student activities and services.

"Minsan may lalabas na mga bata, hindi natin mapadala lahat because of the limited budget. Kasi nga, hindi ganoon kalaki ang perang meron tayo. Out of that budget kasi, kailangan natin itong i-stagger o i-distribute according to our activities or operations. Ngayon, kung mangyari 'yun, it will benefit the students," he further stated.

Meanwhile, with the expected higher budget, the university also aims to address long-term needs, such as purchasing a university bus and installing an advanced attendance monitoring system, TAU Smart 360.

Forging ahead

As preparations for the upcoming academic year progressed, Dr. Salunson encouraged students to keep an open mind toward the new schedule and other upcoming changes.

"Please, before tayo mag-comment, try muna nating i-adopt yung change. Kumbaga, sa cycle ng buhay, continuous ang pag-change natin. Meron kasi yung parang, 'eto lang tayo.' 'Wag sana ganon yung perception ng estudyante. Hindi ibig sabihin na 'eto lang tayo,' 'eto lang tayo,'" Dr. Salunson said.

7 AM to 7 PM

Newly implemented schedule

He also assured students that the implementation of the 7 a.m. to 7 p.m. schedule will not only extend campus operations but also provide greater opportunities for student participation in various activities.


"Since mag-o-operate na tayo ng 7-7, mae-extend na ang ating services sa mga students and hopefully marami tayong ma-cater na student request on their activities," he added.

Moreover, to ensure a smooth transition, Dr. Salunson urged the academic community to view the schedule positively, stressing that his primary objective is to deliver the best possible learning environment for students.

"Let's look forward positively to change; wag tayong maging stagnant. We're adopting the 7-7 class because we want, as much as possible, to give the best for our students. We're changing for the best," he remarked.

Aspiring SSC senators address budget feasibility in proposals for student-centered initiatives

Mariah Ardel Quilpa



BUDGETARY CONCERNS ADDRESSED. Backing their student-centric platforms, Supreme Student Council (SSC) aspirants, during the miting de avance at the university gymnasium on September 10, affirm that their proposed student-centered project will not compromise essential budget allocations, as they eye partnerships and sustainable implementation to make them possible. ***Captured by Mark Vince Tripoli***

Supreme Student Council (SSC) Senate hopefuls Kenn Andrei Miguel, Ryan Christian Jimenez, and Jedhsa Romelyn Buayan, underscored financial viability of their comfort- and leisure-focused platforms during the Miting de Avance held at Tarlac Agricultural University (TAU) Gilberto O. Teodoro Multipurpose Hall, September 10.

Their proposals include establishing student lounge, launching a campus-wide Student Day, and enhancing the existing Ragsakan initiative.

Miguel emphasized in his speech the need for a designated space where students can stay during their vacant hours, citing the limitations of existing facilities such as the university library and other rest areas.

"Itong mga facilities na ito may limited capacity, so it can't accommodate all students," Miguel stated during his platform presentation.

He further noted that due to the lack of adequate resting areas, many students resort to staying along the university boulevard, which inadvertently disrupts pedestrian flow and compromises the comfort of both students and passersby during peak hours.

However, during the open forum, a student raised concerns about the feasibility of the proposed lounge due to budget constraints, to which Miguel responded by clarifying that it would resemble a simple waiting shed furnished with cost-efficient, space-conscious chairs and tables enough to accommodate students.

Meanwhile, Jimenez, running independently, proposed the institutionalization of a Student Day, an initiative inspired by national and regional observances, that seeks to dedicate a day exclusively for student recognition and engagement, which he hopes will become a defining tradition of the university.

Similarly, Buayan expressed her commitment to continuing the Ragsakan —a student-centered celebration first introduced by former SSC President Jethro Jimenez during his initial term in Academic Year 2023–2024 and held annually on the last day of the first semester.

Although concerns about its budget was also raised during the forum, Buayan and Jimenez assured students that it would not compromise funding for essential projects, as strategic partnerships and solicitation will make both possible.



FROM TAU TO PSAU. Tarlac Agricultural University (TAU) Performing Guild clinches top-five podium finish in the RCAF III Street Dance–Hip-hop Competition after bringing into life the famed Battle of Mactan through creative movements and expression at Pampanga State Agricultural University (PSAU) Multi-purpose Center, November 23. ***Captured by John Lloyd Pabloreña***

TAU groovers' Battle of Mactan-inspired piece places 5th in RCAF III Hip-hop competition

John Lloyd Pabloreña

Thrilling the delegates of the 2025 Regional Culture and the Arts Festival (RCAF) III with their story-driven piece depicting the scenic Battle of Mactan, the Tarlac Agricultural University (TAU) Performing Guilds secured fifth place in the Street Dance–Hip-hop Competition at the Bren Z. Guiao Multi-Purpose Center, Pampanga State Agricultural University (PSAU), November 23.

According to the troupe's head coach Dr. Angelo Guillermo, they came up with the Filipino historical event–styled performance to highlight the dancers' efforts while leaving a lasting impact and impression on the audience.

"Actually, napansin ko as I have observed, halos magkakaparehas [sila ng piece]. Halos sila lang yung naiiba na style o parang genre sa hiphop. Puro about student at sa mga k-pop ganon," Dr. Guillermo said.

He also believed that the piece's uniqueness made them snatch a spot on this year's competition podium.

Aside from showcasing a distinctive piece, Socio-cultural Office Technical staff and TAU Hip-hop Coach Dennis Dizon said that they also wanted to provide audience a story while staying true to hip-hop's technical elements.

"Nagiging tatak na siya ng TAU na when it comes to hip-hop dance, 'di lang kami puro sayaw, nagbibigay din kami ng story," Dizon stated.

With their strategy, Dizon anticipated the possibility of winning the competition during their preparation, stating: "Nung naisip pa lang namin yung concept, nasabi na namin na may pag-asa 'to, may chance 'tong manalo dahil maganda ang pagkakagawa noong start pa lang naming buuin."

Dr. Guillermo added that he held high expectations for the team's performance: "Sabi ko, 'Lord, TAU hip-hop will go back to the podium.' Kasi ilang taon din talaga na hindi pumasok sa top five ang TAU. But that's okay—top five is not bad. We're top five out of 12 universities."

Meanwhile, Bulacan State University (BulSU) clinched the championship title, while Tarlac State University (TSU), Pampanga State Agricultural University (PSAU), and Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST) secured second, third, and fourth places, respectively.

CEd alumni express dismay over PRC's September 2025 LET exam rescheduling

Marc Joshua Dela Cruz

"I was very frustrated. Hindi man ako gaanong nag-focus magreview, pero ang inalala ko ay ang mga nagastos ko na inutang ko pa (P9,000)."

"Masakit para sa amin, 'yung pagod ng biyahe, 'yung pakiramdam na parang naging basura 'yung sakripisyo namin."

Frustration, a sense of missed opportunity, and the feeling that months of effort had gone to waste weighed heavily on College of Education (CEd) alumni after the Professional Regulatin Commission's (PRC) sudden cancellation of the September 2025 Licensure Examination for Teachers (LET) in selected regions due to forecasted adverse weather conditions brought by Super Typhoon Nando the following day.

The examination, initially scheduled for September 21, was later moved to November 30.

For many examinees, the announcement, which came at the last minute, disrupted their momentum and overall well-being, as they arrived a day prior to the test well-prepared, only to have their long-awaited examination called off.

In an interview, Bachelor of Technology and Livelihood Education graduate Fiona Razalan shared how distressing the cancellation of the examination was, citing the financial struggles she had to face and the setback it caused in her preparation.

"Nakahanda na ako eh. Nag-drill kami hanggang huling minuto. Dinasal ko na ang lahat-lahat. Tapos sa isang iglap, sasabihin lang na cancelled?" Razalan said.

"Ang daling sabihin para sa kanila na i-move ang date, pero yung perang nagastos namin, yung puyat namin, at yung emotional stress na ihanda ang sarili para sa araw na yun... hindi na yun maibabalik," she added.

For Razalan, the cancellation not only cost them financially, but also disregarded the time, effort, and dreams they had invested.

Behind the cancellation

On September 20, at around 10 o'clock in the evening, a day before the examination, PRC released the announcement via its official Facebook page.

According to the post, the decision followed the recommendations of the National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) and reports from the Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA).

> ***"Ang daling sabihin para sa kanila na i-move ang date, pero yung perang nagastos namin, yung puyat namin, at yung emotional stress na ihanda ang sarili para sa araw na yun... hindi na yun maibabalik"***

Based on PAGASA's 11 p.m. weather forecast, Typhoon Nando, with wind speeds of 155–190km/hr, was moving northwestward at 15km/hr and expected to pass near the Batanes Islands the following days.

During that period, although Baguio City—the sole testing center in the Cordillera Region where most TAU-CEd alumni were set to take the examination—was not directly affected by the typhoon, it was still placed under Tropical Cyclone Wind Signal 1, with 50-100mm rainfall expected due to its proximity to the forecasted track.

As precautionary measures, the PRC moved the examination "in consideration of the health and safety of the examinees and assigned examination personnel."

Upon receiving the news, Bachelor of Secondary Education Major in Science alumna, Trisha Gayle Vidal, already in Baguio City at the time, expressed disappointment over the cancellation, stating: "Kaya ko naman mag-exam. Wala namang ulan na malakas, bakit hindi pa tinuloy."

Vidal, however, disclosed that the weather on the examination day was fine and clear, with no signs of heavy rain or strong winds.

"Pagkagising namin ng umaga, sobrang tirik ng araw. Galit ako sa PRC [dahil] hindi ko alam paano ako uuwi at mag-iisip ng panibagong paraan para mag-exam," she stated.

For her, the sudden cancellation showed a lack of consideration for the examinees' readiness and overall welfare.

Jessica Soriano, a graduate of Bachelor of Elementary Education, also shared how it affected her emotional state, recalling the anxiety and uncertainty that came with the announcement.

"Gabi ng malaman naming hindi matutuloy ang exam. Nasa hotel kami noon at ramdam na ramdam ang bigat ng emosyon, ang sakit, at pagkadismaya," Soriano said.

"Pinilit kong pigilan ang luha, ngunit hindi ko kinaya," she added while reflecting on the efforts she had sacrificed during her preparation.

Cancellation as redirection

For other examinees, the cancellation felt purposeful, which they described as a "redirection" toward a greater comeback.

Soriano herself, despite the initial challenges, still viewed it as an opportunity for growth. "Para sa aking sarili, alam kong hindi pa ako ganap na handa. Kaya kahit may panghihinayang, nagpapasalamat ako dahil binigyan ako ng pagkakataong maging buo muna bago muling sumabak."

Another Elementary Education graduate, Shayna Tejada, saw the cancellation as a sign to strengthen her bond with God after long months of reviewing.

Razalan and Vidal also shared similar sentiments: "Exam na lang ang kulang, but sabi nga nila, everything happens for a reason."

2-months added prep, pressure

While waiting for the examination, some continued reviewing, while others chose to balance their preparation with work responsibilities to earn and cover both past and upcoming expenses.

"Habang ang iba ay muling nag-avail ng review center, pinili kong magpokus muna sa pagtuturo. Sa totoo lang, nawalan ako ng gana at tiwala sa sarili," Soriano admitted.

THIS IS NOT SOMETHING TO BE BELIEVED BY AN OPEN EYE! Cases like such only adds fuel the fire of Filipinos as they, WE, are treated more like a Return of Investment (ROI) after the campaign period, rather than their own people to uplift and work for. While Jammy Cruz and 99 others live in a splurge-filled life, the ones they are indebted to cannot even have a penny to buy food without feeling the waste of spending their below the minimum wage per day.

Furthermore, despite proven implications on the aforementioned project, some Filipinos were still convinced that everything is beyond the management of the circle of the shameful CONG-tractors, and political figures. To cut it to the chase, thinking like the Villars, “to experience is to believe”. WAKE UP! This is not just about the project itself but also the system, and the entirety of the government officials turning more like capitalists than leaders to actually lean on. The 18% of the P545 Billion allocation are not fortune-told figures—They do not lie, they were STOLEN through the diabetes-causing speeches of everyone involved.

I once watched the movie “Heneral Luna” with Actor John Arcilla playing the lead role. In English translation, he said there “Business or freedom? The nation or yourself? YOU CHOOSE!” If only Gen. Luna was still alive and cursing, I would certainly join him and shout “Waaah! The country ALWAYS goes FIRST!” I had high hopes that no one should have to go with the currency of the flood just to save their lives or save someone else through the billion-spent project, but all we were served with is “there’s nothing we can do” through the implied statement of the head of the national government. In the midst of a country looking for light beneath the nimbus clouds, this feels resigned—the whole purpose of governance loses its essence.

While others swim on the areas with risks of diseases just to save their families and meet their needs, those pork-stomached Barong Tagalog clothes swim on money, bags, and even cars bought only for the umbrella. This issue of corruption took lives just to resurface for legal judgement and judgement, hence, it is something to not be FORGOTTEN. This is a threat not just to our trust but to our lives. We demand TRUE leaders to bring back the real purpose of leadership—accountability and efficiency—through constitutional prosecution processes not law bending of #MEMA senators with the same feather as the marred figure of an ombudsman contrary to his role.

Freeloader. Unscrupulous. Impudent. These three words perfectly fits the shoes of the CONG-tractors and CO-rrupt lie-ders. This is corruption—not just of money, but also of the lives of every Filipino in every way.

The Golden Harvest
The Official Student Publication of Tarlac Agricultural University

EDITORIAL BOARD
2025-2026

EDITOR-IN-CHIEF
Lesley A. LAYRON
ASSOCIATE EDITOR FOR PUBLICATIONS
Jayron Mark R. DELA CRUZ
ASSOCIATE EDITOR FOR SOCIAL MEDIA AND ONLINE PLATFORMS
Earl Lawrence N. DURAN
MANAGING EDITOR FOR OPERATIONS
Rhiel A. GUILLERMO
MANAGING EDITOR FINANCE
Avery Nicolaj MORES

NEWS EDITOR **Marc Joshua T. DELA CRUZ** | OPINION EDITOR **Gerald BEDANIA** | FEATURES EDITOR **Alexeiz Niconne RIPARIP** | DEVCOM EDITOR **Kim Justin CALUCUP** | LITERARY EDITOR **Monica Ellaine ASUNCION** | SPORTS EDITOR **Danver REONTARE** | CHIEF CONTENT CREATOR **Christian Gabrielle LOCQUIAO** | CHIEF GRAPHIC ARTIST **John Bernard DORIA** | CHIEF PHOTOJOURNALIST **John Lloyd A. PABLOREÑA** | CHIEF LAYOUT ARTIST **Frances Rona P. BARTOLO**

WRITERS : **Ma. Rosario G. AGLIAM, Geihan APELO, John Llyod AGUSTIN, Ella Mae ARTATES, Francine B. BALANAY, Kathleen Joy BRUNO, Lindsay Belle L. CRUZ, Henson L. JULIAN, Ella Melody GALOPO, Ma. Sandra Jade LABOR, Paul James G. MARTIN, Bivian PASCUA, Lea G. PALLASIGUE, Mark Sedrick PULIDO, Mariah Ardel H. QUILPA, Reian Joy ONIA, Richee Francene A. UNTIVEROS, Ricci Anne Joy D. TADURAN, Jhon Carl TIONGCO, Meriely Yette B. TORRES,**

GRAPHIC ARTISTS: **Abish BETE, Kisha Angela CAMANNONG, Noel UNTALAN**

LAYOUT ARTISTS : **Nicko Jay ALDAYA, Jayzel BERNARDINO, Jherina FIESTA, Nathaniel MAMUCOD,**

PHOTOJOURNALIST **Karl Raphael ALONZO, Hanskrieg BACOLOR, Cliff Andreison CANLAS, Jazel Ann CARZANO, Troy Dominic GELACIO, Micah Alysa Mae LAURIO, Kristia LINO, Zachary Niño NAVARETTE, Juna PALLORINA, Cris Lawrence REMEGIO, Jeb Lauren RENTILLOSA, Mark Vincent TRIPOLI,**

GHTV: **Earl Justine ANCERO, Samantha Pauline Joy BONZO, Jan Mark DALUPE, Ashley Mae L. DELA CRUZ, Jerrianne Ydnar J. DOMINGO, Rhenz Isaiah R. GARBIN, Khrizzel IBAÑEZ, Kate Lara FIESTA, Arwin PAGADUAN, Eumera V. PORLUCAS, Ria Loraine PIMENTEL, Melvin WATING, Jirehne Ciamy YLARDE**

ADVISERS
Hasmine Arielle G. MARIANO
Sharlene Mae M. DOMINGO
Jayvee MACARAIG

KAMPUS

Cease This Practice

From publicized transparency reports to key decisions, the student body has the right to know where their money and votes go, because student leaders should be held to a high standard of integrity and responsibility. This naturally places them under the constant scrutiny of their fellow students and the university staff.

However, the outgoing Tarlac Agricultural University's Supreme Student Council (TAU-SSC) adds another matter for student leaders to mind–one that might prioritize grades over one's leadership potential. This is because, according to its revised Constitution and Bylaws (CBL) Section 6.4, candidates for president and vice president must now ensure to maintain a General Weighted Average (GWA) of at least 2.0 with no failing or/and incomplete marks since their first year to obtain eligibility to run for the said position.

On the other hand, it is stated on the Section 7.4 that senators must have a GWA of at least 2.0 on their last semester in college and a GWA of at least 85 in High School and Senior High School, with no failing or/and incomplete marks on the preceding semester. This rule was then in full effect during the TAU-SSC Elections for the Academic Year 2025-2026.

Academic exellenxe does not mean effective leadership

While a high GWA may suggest a responsible academic relationship, this doesn't automatically translate to the good qualities that a student leader must have.


Aside from being integrous and responsible, a good leader should have the vision to lead, the thirst to serve to fuel their resilience, and the compassion to know their constituents—things that one's academic standing can't prove.

Yet, in cases like consistently failing to meet the bare minimum of fulfilling one's academic responsibilities, this—of course—is a red flag for a candidate's ability to manage the responsibilities of a student leader, much more of a high-level SSC position. But this is an outlier case, and the problem isn't if such a student ran for a position, but rather when a student graced with great leadership skills wasn't able to run for any high governing position because of a GWA that many students struggle to attain.

Meanwhile, to pull off such standards, a student must be able to give time for memorization, meet academic deadlines, and thoroughly self-study their lessons for graded recitations, pop quizzes, and examinations, which could reflect their sense of responsibility and discipline. And while these things do not entirely make a good leader, they might help a leader—one that has enough experience to face the workload expected to appear during their run.

Given this, it could be why the outgoing TAU-SSC modified the GWA requirements to 2.0. With the TAU-SSC representing the body in an academic institution, academic excellence strengthens its credibility to lead. Similarly, students struggling academically might be seen as too occupied to lead effectively.

But still, these just suggest that academic excellence isn't what makes a good leader, but their ability to lead and their credibility to do so.



Uno and dos over good governance

With this change, excellent academic remarks are a must for TAU-SSC aspirants, further cutting down the student council member applicants, which had been spiraling down in numbers.

Based on the official list of candidates posted on the official TAU-OSSD Student Organizations Facebook page, the last time TAU-SSC had two party lists running against each other was in the Academic Year 2023-2024. After that, there had only been one party list running for TAU-SSC positions.

So, in a situation where both TAU-SSC President aspirants, both with equal experiences in holding major positions in the university, where student A had proven effective leadership on their terms more than student B, yet student A got disqualified over their GWA not meeting the requirements, student leaders must now have a well-above-average GWA.

Other means to evaluate student leaders

Student leaders not only lead the students, but they manage everything—from the management, manpower, and money—yet too little time is spent on their candidacy assessment. By fulfilling certain requirements, anyone could be the next TAU-SSC President. But not everyone has the necessary values and qualities a high position like that should have, along with the genuineness and authenticity that pushes them to be the voice of the students, no matter what instances might happen during their term.

In order to properly gauge an aspirant's capability, rather than relying on their GWA, we can ask the candidates to submit portfolios of their previous leadership roles, projects, or community service. In addition, formal interviews assessing their communication and problem-solving skills could be done. Similarly, a public debate or forum (apart from the Miting de Avance) could be held where candidates are required to participate, where their leadership and vision can be judged by the student body. That is, while also ensuring that everyone must listen and participate attentively to act as an opportunity to hit two birds with one stone—to set the tone that this is a serious, crucial event, and to help the students gauge the aspirants' capabilities, with little to no academic evaluation involved.

Ultimately, these proposals could only be done if the revised CBL were re-evaluated and amended. That's why speaking up about it, whether on passing or on public forums like the Talakayan, is significant. Everyone's voice is important, for speaking up means addressing the issue one way or another.

Indeed, it is now the time that politics, as early as student leadership, must be practiced with proper fact-checking, aspirants credibility assessing, and most specially, showing up and voting for the most deserving applicant running for a position. But, at the end of all that evaluation, a high GWA does not always reflect good governance.



KIM JUSTIN CALUCUP AT ELLA MAE ARTATES

Ilang buwan na ang lumipas bago nagsimula ang taong panuruan sa Tarlac Agricultural University (TAU) kung saan muling dumagsa ang populasyon ng mga mag-aaral—mayroong mga dati nang bahagi ng lumalaking numero nito at mayroon din iyong mga bagong mas nagpataas pa sa mga bilang na ito. Kasabay ng pagdami ng bilang ng mga estudyante ay ang patuloy na pagharap ng unibersidad sa mga isyung kaakibat nito—kabilang na ang kakulangan ng maayos na silid-aralan at bentilasyon.

Sa apat na sulok ng mga silid-aralan sa TAU, patuloy na nananahan ang mga tawag sa sapat at maaliwalas na espasyong may tamang bentilasyon na siyang lubos na kinakailangan ng mga mag-aaral nito. Sa bawat boses ng pagdaing, may mga tengang nakikinig—bagamat may mga pagkakataong ito'y nagiging balewala, mayroon ding mga oras kung saan ito'y natutugunan ng agarang solusyon.

GINHAWANG HILING, DAGDAG NA BENTILASYON

Matapos mailathala ang mga naging hinaing ng ilang estudyante ng College of Agriculture and Forestry (CAF), nabigyan ng karagdagang bentilador ang ilang silid-aralan ng CAF. Bagamat ito'y malaking kaginhawaan para sa mga mag-aaral tulad ni Johanna, hindi pa rin dito nagtatapos ang kwento ng pagsisiksikan, kakulangan ng kagamitan, at mainit na mga silid-aralan.

"Opo, nabigyan po kami ng electric fan kaso kulang pa rin po and iyong mga upuan minsan nawawala. Tapos 'yung ibang table wala po siyang table talaga kaya ayun pahirapan talaga. Tapos wala pong TV. Hindi pa rin sapat iyong mga nadagdag na bentilador kasi mainit pa rin talaga," sagot ni Johana Mae Sumaoang, isang first-year student na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Forestry (BSF) na siyang napanayam namin noong unang lumabas ang artikulong tumatalakay sa kanilang mga hinaing.

Tila isang kabalintunaan naman ang naging kasagutan ni Mark (hindi niya tunay na pangalan), isang first-year student na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Animal Science (BAS) sa parehong kolehiyo, hinggil sa tanong kung nabigyan ba sila ng karagdagang bentilador sa kanilang silid matapos mailabas ang artikulong tumatalakay sa kanilang hinaing.

"So far, wala pa naman akong nakikitang changes, baka nasa higher-ups pa 'yung mga papeles or something. I don't really know pero sa nakikita ko wala pa namang kahit anong changes and may mga dapat pang maayos sa aming silid-aralan," aniya.

Sa mabilis na pagtaas ng temperatura sa bansa—kung saan umaabot sa 38°C ang taas ng init sa mga nagdaang buwan ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Association (PAGASA) tila hindi pa rin nagiging sapat ang mga bentilador na naibigay ng Parent-Teacher Association (PTEA) at ng iba pang organisasyon upang mabigyang solusyon ang mga hinaing ng mga estudyante.

Kung sa CAF ay unti-unti nang nakikita ang pagtugon ng PTEA at ng ibang organisasyon, tila ibang larawan naman ng reyalidad ang makikita sa iba pang kolehiyo ng unibersidad.

MADAMING BILANG NG ESTUDYANTE, PAGSIKIP NG SILID.

Isa rin sa mga lumutang na pananaw ay mula kay Raven (hindi tunay na pangalan), isang second-year student ng College of Business and Management (CBM) na kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Business Administration–Marketing Management (BSBA-MM).

"May mga subject kaming palipat-lipat, tapos ayun siksikan talaga kasi 60 kami e. Mahirap kasi kung hindi kami nauubusan ng room, nauubusan naman kami ng upuan, kukuha pa kami sa ibang room," saad niya.

Dagdag pa niya, "Para sa akin kulang 'yung electric fans kasi hindi naman kami nahahanginan lahat. Syempre malaking factor din talaga kung maluwang at maayos ang room. Mas comfortable ka at mas focus ka kaysa kung mainit tapos siksikan."

Ang karanasang ito ay hindi na bago sa konteksto ng mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Ayon sa Philippine Institute for Development Studies (PIDS), ang ideyal na bilang ng mga mag-aaral kada silid ay 30 hanggang 40 lamang, ngunit sa maraming pampublikong paaralan ay umaabot ito ng 60 pataas—katulad ng mga karanasan sa TAU. Sa kabuuan ng bansa, tinatayang may 165,000 silid-aralan pa ang kinakailangan upang mapunan ang kakulangan sa espasyo sa mga pampublikong paaralan (Manila Times, 2024).







Katulad ni Raven, ramdam din ni Samantha (hindi niya tunay na pangalan), isang first-year student ng Bachelor of Science in Development Communication (BSDC) mula sa College of Arts and Sciences (CAS), ang epekto ng siksikan sa kanilang klase.

“Mahirap po syempre kasi 60 students kami sa classroom and mahirap po siya i-manage kasi konti lang po kaming officer. Kahit sobrang isigaw na po namin lahat ‘yung mga rules, hindi pa rin nila marinig kaya mahirap po siyang i-manage. Naaapektuhan din kami kasi hindi na nakikinig ang iba naming kaklase dahil sa ingay,” pahayag niya.

Para kay Samantha, hindi lamang pisikal ang epekto ng ganitong sitwasyon kundi pati na rin emosyonal. “Importante po sakin ‘yung mga facilities, kailangan din pong i-improve kasi nakakaapekto siya sa academics, hindi lang academics kundi physically and emotionally. Nakakaapekto siya in many aspects sa pag-aaral.”

Samantala, ibang karanasan naman ang ikinuwento ni Jasam L. Celiz, isang first-year student mula sa kolehiyo ng College of Engineering and Technology (CET) na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Geodetic Engineering (BSGE).

“So far okay naman po, hindi po kami siksikan. Magaaan kasi malawak ‘yung space. Mas nakakapag-isip ka nang maayos kapag sapat ‘yung space. Sapat na rin para sakin ‘yung electric fans kasi 40 lang kami.”

Sa kabilang banda, may mga estudyante ring nagsabing hindi naman ganoon kasiksikan ngunit ramdam pa rin ang init. Katulad ni Jayson (hindi niya tunay na pangalan), isang first-year student ng Bachelor of Science in Information Technology (BSIT) mula sa College of Engineering and Technology (CET).

“Medyo kaya naman at hindi naman masyadong siksikan, ‘yun lang mainit talaga pag tanghali. Isa sa pinaka problema po ng building namin ay ‘yung TV kasi hindi gumagana. Kasama pa doon ‘yung kakulangan ng electric fan at sirang upuan. Kulang din po ‘yung mga ceiling fans kasi lahat nasa gitna lang kaya hindi naaabutan ang mga nasa harap at likod,” wika niya.

Hindi rin nalalayo ang salaysay ni Jedhsa Romelyn G. Buayan, isang 4th year student mula sa College of Veterinary Medicine (CVM).

“Mahirap kasi kahit sabihin natin na malamig ‘yung panahon, kapag siksikan kayo nagiging mainit. Umaabot kami minsan ng 60+ kaya lumilipat kami sa AVR na limited ang fans, o minsan nagkaklase sa open area ng 3rd floor. Minsan kailangan pa naming mag-ambagan para makabili ng stand fans kasi kulang talaga. Sa chairs din kulang, kaya kailangan pa naming manghiram,” paliwanag niya.

Dagdag pa niya, “Importante ang maluwang na silid-aralan kasi less hassle. Mas nakakafocus kami, pati na rin ‘yung mga prof. Mahirap magturo kapag mainit at siksikan.”

Mula naman sa College of Education (CED), sinabi ni Lee, isang first-year student (transferee) na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Technology and Livelihood Education (BTLEd), na hindi sila ganoon kasiksikan ngunit ramdam pa rin ang init.

“Komportable naman kasi may sapat na space pero hindi sapat ang electric fans. Kahit may apat na ceiling fans, marami pa rin ang naiinitan.”

SILID NA MALUWAG, PUNDASYON NG MATATAG NA PAGKATUTO.

Iba-iba man ang naging karanasan ng bawat estudyante sa kani-kanilang kolehiyo, iisa ang naging tinuturo ng kanilang mga kwento—na ang isang maayos, maluwag, at may tamang bentilasyong silid-aralan ay mahalagang pundasyon ng pagkatuto.

Sa mga pag-aaral ng American Lung Association, napatunayan na ang kalidad ng hangin at bentilasyon sa loob ng silid-aralan ay direktang nakakaapekto sa konsentrasyon at kalusugan ng mga mag-aaral. Kapag mataas ang temperatura o kulang sa bentilasyon, tumataas ang antas ng pagkapagod, kawalan ng gana, at pagkairita na nagiging hadlang sa mas epektibong pagkatuto.

Ang kakulangan sa espasyo at kagamitan ay hindi lamang usaping pisikal, kundi usaping nakakaapekto rin sa emosyonal at mental na kalagayan ng bawat estudyante. Hanggang hindi natutugunan nang sapat ang problemang ito, mananatiling malaking hamon ang siksikang populasyon sa loob ng mga silid ng TAU.

Sa bawat patak ng pawis ng mga estudyanteng pilit na nag-aaral sa gitna ng pagsisiksikan at init sa loob ng kani-kanilang silid-aralan, sa bawat boses na pilit nakikibaka sa loob ng masikip na silid—isang tanong ang dapat nating bigyang pansin: hanggang kailan?

Sa mga ganitong uri ng usapin, ang kailangan ay kongkreto at tiyak na mabisang solusyon. Hindi sapat ang ilang bentilador kung ang batayang karapatan sa maayos na edukasyon ay patuloy na nililimita ng init at pagsisiksikan.

Hindi ito simpleng reklamo. Ito’y panawagan. Panawagan para sa dignidad. Para sa edukasyong hindi lamang abot-kamay, kundi ligtas, maaliwalas, at makatao.

SA GITNA NG SIKSIKAN: BAHAGYANG GINHAWA SA SALAT NA ESPASYO



KIM JUSTIN CALUCUP AT ELLA MAE ARTATES

Ilang buwan na lamang bago matapos ang unang semestre ng taong panuruan sa Tarlac Agricultural University (TAU) kung saan muling dumagsa ang populasyon ng mga mag-aaral—mayroong mga dati nang bahagi ng lumalaking numero nito at mayroon din iyong mga bagong mas nagpataas pa sa mga bilang na ito. Kasabay ng panibagong taong panuruang ito sa unibersidad, ay ang paglabas ng samu't saring hinaing na pumapatungkol sa mga silid at mga kagamitan sa loob ng mismong mga silid-aralan.

Sa apat na sulok ng bawat silid-aralan sa TAU, patuloy na nananahan ang mga tawag sa sapat at maaliwalas na espasyong may tamang bentilasyon na siyang lubos na kinakailangan ng mga mag-aaral nito. Sa bawat boses ng pagdaing, may mga tengang nakikinig—bagamat may mga pagkakataong ito'y nagiging balewala, mayroon ding mga oras kung saan ito'y natutugunan ng agarang solusyon.

GINHAWA NG DAGDAG NA BENTILASYON

Matapos mailathala ang mga naging hinaing ng ibang estudyante ng College of Agriculture and Forestry (CAF), isang magandang inisiyatibo ang umusbong na siyang nagbigay ng daan upang kahit papaano'y maibsan ang mga boses ng masalimuot na hinaing ng ilan sa mga mag-aaral ng nasabing kolehiyo.

Dahil sa Parent Teacher Employee Association (PTEA) ng CAF, isang pormal na samahang organisasyon para sa mga magulang ng mga estudyante, guro, at empleyado katuwang na rin ang iba pang mga organisasyon sa kolehiyo, nabigyan ng karagdagang mga bentilador ang ilan sa mga silid-aralan nito. Isang ginhawang dulot ng pangunahing layunin ng PTEA na mas mapabuti ang komunidad sa loob ng paaralan tungo sa mas maayos at aktibong pakikilahok.

Bagamat ito'y malaking kaginhawaan para sa mga mag-aaral tulad ni Johanna, isang first-year student ng Bachelor of Science in Forestry (BSF) sa ilalim ng CAF at siya ring nakapanayam noong unang lumabas ang artikulo tungkol sa parehong mga hinaing sa kanilang kolehiyo, naisaad pa rin niyang hindi rito nagtatapos ang mga kwento ng suliranin sa siksikan, kulang sa kagamitan, at mainit na mga silid-aralan.



"Opo, nabigyan po kami ng electric fan kaso kulang pa rin po and iyong [mga] upuan minsan nawawala. Tapos 'yung ibang table wala po siyang [table] talaga kaya ayun pahirapan talaga. Tapos wala pong TV," ani Johanna.

Isang kabaligtaran naman ang naging kasagutan ni Mark, hindi niya tunay na pangalan, mula sa unang taon ng kursong Bachelor of Animal Science (BAS) sa parehong kolehiyo hinggil sa tanong kung nabigyan din ba ang kanilang silid ng karagdagang bentilador.

"So far, wala pa naman akong nakikitang changes, baka nasa higher-ups pa 'yong mga papeles or something. I don't really know, pero sa nakikita ko wala pa namang kahit anong changes and may mga dapat pang maayos sa aming silid-aralan," aniya.

Samakatuwid, nagbigay naman ng pahayag bilang kasagutan sa nasabing hinaing ni Mark ang presidente ng PTEA na si G. John Eric Cuaresma.

"Hindi, nabigay na pero 'yon nga ang problema natin 'diba, alam naman natin 'yong room kasi hindi naman nila parang sa GSO parang kwan din, hindi naman. Baka maikakabit na rin siguro," ani Cuaresma patungkol sa tanong kung nasa higher-ups pa rin ang mga nasabing bentilador.

Hindi maipagkakailang may dulot na bahagyang ginhawa ang inisyatibong ito mula sa PTEA at iba pang organisasyo sa kolehiyo ng CAF, ngunit sa malawakang pigura ng suliraning ito ay tila nananatili pa rin ang agam-agam na hindi ito sapat dahil sa marami pang hinaing na nananatili sa kawalan.

Bukod pa rito, ang mabilis na pagtaas ng temperatura sa bansa kung saan ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Association (PAGASA) ay umaabot sa 38°C ang taas ng init sa mga nagdaang buwan ay isa ring banta na siyang maaari pang makapagpabigat sa kasalukuyang masalimuot nang suliranin.

Gayunpaman, ang bakas ng unti-unting pagtugon ng PTEA at iba pang organisasyon sa CAF ay siyang nagpapakita ng tila ibang larawan naman ng realidad sa ilan pang natitirang kolehiyo ng unibersidad.

KAUNTING ESPASYO, BALAKID SA DAMI NG ESTUDYANTE

Sa pagpalo ng mataas na bilang ng mga mag-aaral sa TAU, hindi na naging bago sa pandinig na bukod sa CAF na kilalang pinaka-papuladong kolehiyo sa unibersidad, ay naging suliranin na rin ng iba pang mga natitirang kolehiyo ang kakulangan sa kagamitan at silid-aralan.

Isa sa mga lumabas na pananaw tungkol dito ay mula kay Raven, hindi niya tunay na pangalan, isang second-year student mula sa kolehiyo ng College of Business and Management (CBM) at kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Business Administration-Marketing Management (BSBA-MM).

"May mga subject kaming palipat-lipat, tapos ayun siksikan talaga [sa room] kasi 60 kami e." pagsasaad niya sa sitwasyon na kanilang nararanasan sa loob ng kanilang silid.

Sa dami ng bilang ng estudyante sa loob ng isang silid ay marami rin ang tulad ni Raven na nahihirapan sa sitwasyon ng kakulangan sa sapat na espasyo sa loob ng isang silid-aralan, na siyang nakadaragdag sa hirap na nararanasan nila at nagiging dahilan ng kanilang kawalan ng pokus sa kanilang mga aralin.

"Mahirap kasi kung hindi kami nauubusan ng room, nauubusan [naman] kami ng upuan, [at] kukuha pa kami sa ibang room," dagdag pa niya.

Nang tanungin kung sapat ba ang bentilasyon sa kanilang silid, mariin niyang sinabi na ang mga ito ay kulang pa rin dahil hindi naman silang lahat ay nahahanginan ng mga bentilador sa loob nito.

Isa ang hindi maayos na bentilasyon sa mga nakikitang sanhi sa pagkawala ng estudyante sa kanilang pokus at kadalasan ay nauuwi pa ito sa pagliban, at pagkabalisa ng ilan sa kanila.

Ayon sa pag-aaral ng Bizsu (2022) na “How Does Poor Ventilation Affect Learning?,” ang hindi maayos na bentilasyon sa isang silid ay maaaring magresulta ng mas malalang mga karamdaman sa paghinga at maari ring magdulot ng pagkakaroon ng allergies. Naaapektuhan din umano nito ang kagustuhan ng isang estudyante sa pagdalo sa kani-kaninalang klase.

Tulad ni Raven, hindi nalalayo ang karanasan ng isang first-year student ng Bachelor of Science in Development Communication (BSDC), mula naman sa College of Arts and Sciences (CAS) na si Samantha, hindi rin niya tunay na pangalan. Parehong bilang ng estudyante ang mayroon sa silid nina Raven at Samantha na siyang nagiging dahilan umano ng pahirapang pamamahala ng ibang lider-estudyante sa loob ng kanilang silid.

“Mahirap po syempre kasi 60 students kami sa classroom and mahirap po siya i-manage kasi konti lang po kaming officer. Kahit sobrang isigaw na po namin lahat ‘yung mga rules, [at] mga dapat gawin, hindi pa rin nila marinig kaya mahirap po siyang i-manage,” saad ni Samantha.

Ayon kay Samantha, dahil sa dami ng kanilang bilang sa silid, mahirap aniyang intindihin ang mga aralin dahil sa ingay mula sa bahagi ng populasyon sa kanilang klase. Dagdag pa niya, dahil sa ingay na ito sa loob ng klase ay hindi na raw nakikinig ang iba pa niyang kaklase na siyang lubos na nakakaapekto sa kalidad ng kanilang pagkatuto.

Dahil sa kasalukuyang suliranin sa maayos at komportableng silid, batid ni Samantha na hindi lamang ang pisikal na estado ang lubos na naapektuhan sa ganitong sitwasyon, kundi pati na rin ang kanilang mga kalagayang emosyonal.

“Importante po sakin ‘yung mga facilities, kailangan din pong i-improve, nakakaapekto din [kasi] siya sa acads, ‘di lang sa acads, kundi physically and emotionally, [at] nakakaapekto siya in many aspects sa pag-aaral,” dagdag pa niya.

Samantala, kagaya ng mga naunang hinaing, mahirap at maingay rin ang ang pagsasalarawan ni Jedhsa Romelyn G. Buayan, isang fourth-year student na kasalukuyang kinukuha ang kursong Doctor of Veterinary Medicine (DVM) sa ilalim ng College of Veterinary Medicine (CVM) nang tanungin tungkol sa kasalukuyang kondisyon ng kanilang silid aralan.

“There are times din na umaabot kaming 60+ [na estudyante] para sa ibang subject, kaya lumilipat kami sa Audio-Visual Room ng college namin na limited ang fans, or sometimes nagkaklase kami sa open area ng third floor ng building,” saad niya.

Mariin niya ring binanggit na talagang hindi maiiwasan ang ingay sa ganung bilang ng kanilang populasyon sa klase. Kaya naman, dahil sa kakulangan ng kagamitan na katulad ng bentilador, napipilitan silang mag-ambagan para lamang makabili ng kagamitang makapagbibigay kaginhawaan sa loob ng kanilang silid-aralan.

Katulad ng sitwasyong nabanggit ni Raven, ibinahagi rin ni Jedhsa na minsan ay kinakailangan din nilang humiram ng upuan sa ibang silid upang mapunan ang kanilang bilang.

Ang mga karanasang ito ay hindi na bago sa konteksto ng mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Ayon sa Philippine Institute for Development Studies (PIDS), ang ideyal na bilang ng mga mag-aaral kada silid ay 30 hanggang 40 lamang, ngunit sa maraming pampublikong paaralan—katulad ng mga karanasan sa TAU—ay umaabot ito ng 60 pataas.

Ayon naman sa datos ng Manila Times sa taong 2024, tinatayang may 165,000 silid-aralan pa ang kinakailangan sa kabuuan ng bansa upang mapunan ang kakulangan sa espasyo sa mga pampublikong paaralan.

Ang mga nabanggit na sitwasyon ay isang malinaw na paglalarawan sa mas malawak na saklaw ng suliraning kinakaharap ng unibersidad sa mga kagamitan at pasilidad tulad ng mga silid-aralan at sapat na bentilasyon. Gayunpaman, hindi maikakaila ang dedikasyon ng mga mag-aaral na patuloy na humanap ng paraan at bagong pag-asa kahit walang sapat o minsan hindi sapat ang tulong dahil patuloy na nananaig ang kanilang pagnanais na makamit ang maayos na kondisyon ng bawat silid-aralan para sa mas produktibo at maaliwalas na pagkamit sa karunungan.

SA KABILANG BAHAGI NG SIKSIKAN

Bagamat kaliwa’t kanan ang hinaing ng mga mag-aaral mula sa apat na kolehiyo ng unibersidad tungkol sa maayos at sapat na silid-aralan, ang antas sa kalagayan ng siksikan sa College of Engineering and Technology (CET) at College of Education (CED) ay higit na mas maayos.

Para kay Jasam L. Celiz, isang first-year student na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Geodetic Engineering (BSGE) mula sa kolehiyo ng CET, maayos aniya ang kanilang karanasan kumpara sa mga nasa ibang kolehiyo.

“So far okay naman po, hindi po kami siksikan. Magaan po [sa pakiramdam] kasi malawak po ‘yung space.” aniya

Binigyang diin ni Jasam ang kahalagahan ng isang malawak na silid-aralan dahil batid niya na mas nakakapag-isip nang maayos kapag sapat ang espasyo sa loob ng isang silid.

“Importante po sa’kin ang maluwang na silid-aralan kasi mas nakakapag-isip ka ng maayos [kapag] sapat ‘yung space,” saad niya

Ayon naman kay Raymond, hindi niya tunay na pangalan, isang first-year student na kasalukuyang kinukuha ang kursong Bachelor of Science in Information Technology (BSIT), mula sa parehong kolehiyo, bagamat hindi siksikan sa kanilang silid ay ramdam pa rin ang init at kakulangan ng kagamitan.

“Medyo kaya naman and hindi naman masyadong siksikan. Yun lang mainit lang talaga kapag tanghali na or mainit ang panahon... Ang isa sa pinaka-problema po ng aming building ay ang TV po, hindi po kasi siya gumagana nang maayos... Isa na din po yung kakulangan ng electric fan,” aniya.

Dalawang pananaw pa ang lumabas mula naman sa kolehiyo ng College of Education (CED), na sina Lee-Mar Pariñas Papa at Maria, hindi niya tunay na pangalan, sila ay kasalukuyang first-year student at parehong kinukuha ang kursong Bachelor of Technology and Livelihood Education (BTLED).

Sa sitwasyon sa kolehiyo ng CED, ang mga naging pahayag mula kina Lee-Mar at Maria, ay nagsasabing hindi umano nila matukoy ang antas ng hirap sa ganitong suliranin buhat nang hindi naman siksikan ang kanilang silid-aralan.

“Actually, hindi naman kami siksikan sa classroom, kaya hindi ko masasabi kung gaano kahirap,” ani Lee-Mar.

“Kahit hindi kami siksikan ay hindi rin enough ‘yung apat na ceiling fan, dahil sa sobra pong init. Kahit na nakasindi na silang lahat ay pagpapawisan at pagpapawisan pa rin po kami,” pagsasaad ni Maria na nagpapakitang malinaw na kahit hindi ganoon kasiksikan sa kanilang silid ay hindi pa rin sumasapat ang bilang ng kanilang bentilador sa loob ng kanilang silid-aralan.



Malinaw na sa kabila ng masalimuot na kapaligiran mula sa ibang kolehiyo ng unibersidad ay may mas maaliwalas na bahagi ang larawang nakakubli sa suliranin at hinaing para sa sapat at maayos na mga silid aralan—maluwang, may sapat na espasyo at hindi siksikang mga silid.

Sa kabuuan, malinaw na ang suliranin sa kakulangan ng maayos na silid-aralan sa TAU ay hindi simpleng usapin ng espasyo o kagamitan lamang. Ito ay usapin ng kalidad ng edukasyon at kaginhawaan ng bawat mag-aaral na araw-araw na humaharap sa init, siksikan, at limitadong bentilasyon habang pinipilit pa ring makinig at matuto.

Ang mga hakbang na isinagawa ng CAF-PTEA at iba pang organisasyon sa kolehiyo ng CAF ay patunay na kayang tugunan ang mga hinaing kapag may pagkakaisa at malasakit. Gayunpaman, nananatiling malawak ang agwat sa pagitan ng mga pangangailangan at ng kasalukuyang kakayahan ng unibersidad upang maisaayos ang lahat ng silid-aralan.

Maliit o malaki mang hakbang, unti-unting naisasakatuparan ng unibersidad ang adhikain ng United Nations Sustainable Development Goal 4: Quality Education—ang pagbibigay ng pantay at de-kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral, sa loob man ng masikip na silid o sa gitna ng mainit na hamon ng panahon.

Sa kabilang dako, nagbibigay pag-asa ang mga karanasan ng ilang kolehiyo na nakararanas ng mas maayos na kondisyon—isang paalala na posible ang pagbabago kung ito’y pagtutulungan ng administrasyon, guro, estudyante, at iba pang sektor sa loob ng pamantasan.

Sa huli, higit pa sa bentilador, upuan, o silid, ang tunay na kailangan ng mga mag-aaral ay ang katiyakan ng isang maayos, ligtas, at komportableng silid-aralan, kung saan ang pagkatuto ay hindi kailangang makipagsiksikan sa pagitan ng init at kawalan ng espasyo. Dahil sa bawat silid na maayos, may karunungang mas malinaw at kinabukasang mas maginhawa.



GREGORIO BRILLANTES:

Ang Maestro ng Malalim na Kuwento at Kaisipan

ALEXEIZ NICONNE S. RIPARIP

Tahimik ang mga unang pahina. Walang agarang paliwanag at walang malaking pangyayari. Isang sandali lamang na tila karaniwan. Habang nagpapatuloy ang pagbasa, unti-unting kumakapit sa isip ang kwento. May tanong na hindi binibigkas, ngunit nananatili kahit maisara ang aklat.

Lumaki siya sa pagitan ng pahina at alaala, sa lugar kung saan ang kwento at katotohanan ay naglalaro nang sabay. Doon niya natutunan na ang wika ay isang pintuan sa damdamin at palaisipan, at sahig na tinatahak ng bawat tanong na hindi mo alam dala mo na pala.

Kapag binuksan mo ang kanyang akda, hindi mo mawari kung ikaw lamang ay isang mambabasa o ikaw na ang karakter sa iyong binabasa. Habang iyong binabaybay ang nilalaman, ang katahimikan ay nagiging makapangyarihan, at bawat pangungusap at talata ay nag-iiwan ng bakas—isang bagay na iyong mararamdaman kahit matapos mo na itong maisara.

PAGSIBOL NG KARERA

Noong ika-18 ng Disyembre 1932, isinilang si Gregorio Brillantes sa Camiling, Tarlac. Lumaki siya sa isang tahanang nakasandig sa edukasyon. Ang kanyang ama ay guro at nagtatag ng Camiling Secondary Institute, habang ang kanyang ina ay may-ari ng botika. Sa murang edad, naging bahagi ng kanyang araw ang pagbabasa ng Philippines Free Press at Philippines Graphic. Sa edad na labintatlo, nagsimula siyang magsulat para sa kanilang pahayagang pang-high school, kung saan unang lumitaw ang kanyang tinig sa akdang "Boy Meets Ghoul."

Pagdating ng kolehiyo, nag-aral siya sa Ateneo de Manila University, kung saan nahasa ang kanyang kakayahan sa pagsusulat, at dito rin siya nagsilbing editor ng Ateneo Quarterly. Noong 1953, inilathala niya ang kanyang unang kuwento sa Philippines Free Press, na naging simula ng isang natatanging karera sa panitikan.

Ang estilo ni Brillantes ay kilala sa malinaw ngunit masining na paggamit ng wika. Madalas niyang binibigyang-diin ang damdamin at kaisipan ng kanyang mga tauhan, pati na rin ang malalim na pagninilay sa buhay. Sa kanyang koleksyon na "The Distance to Andromeda and Other Stories," makikita ang kanyang husay sa paglalarawan ng karanasan at pakikipagsapalaran ng mga tauhan sa isang mundo na puno ng misteryo at emosyon.

"The stars are faraway suns… The strangeness stirs in silence within him…"

Sa ganitong mga linya, ipinapakita niya kung paanong ang karaniwang eksena ay nagiging malalim na tanong tungkol sa tao at sa uniberso.

Hindi lamang sa pagsusulat naging mahalaga si Brillantes. Bilang editor ng Sunburst, The Manila Review, at Philippines Free Press, binigyan niya ng puwang ang mga batang manunulat at pinayabong ang malikhaing panitikan sa Ingles. Para sa kanya, ang panitikan ay hindi lamang sining, kundi ilaw sa mga madidilim na bahagi ng ating karanasan.

PAG-IBIG AT PAMILYA

Noong 1962, ikinasal siya kay Lourdes Brillantes. Nagkaroon sila ng tatlong anak—sina Patricia Brillantes Silvestre (Dean ng U.P. College of Music), Chi Brillantes, at Alicia Brillantes-Flores—at mga apo na nagmana ng pagmamahal sa sining at edukasyon.

Kahit dumaan sa mga pagsubok ng kalusugan matapos ang aksidente noong 2015 at 2017, nanatili siyang masigasig sa pagbabasa at paggabay sa kabataang manunulat.

Maging sa mas personal na alaala, tulad ng ibinahagi ng kanyang pamangkin na si Joey Brillantes sa kanyang Facebook post, makikita ang kanyang impluwensya:

"Tito Greg's childhood in Camiling was formative… These early encounters with literature awakened in him a deep curiosity about narrative, voice, and character."

PAMANA SA PANITIKAN

Sa kanyang karera, tumanggap siya ng maraming parangal—Free Press Literary Awards, Gawad CCP Para sa Sining, Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas, Tanghal ng Lahi Award ng Ateneo, at Hall of Fame ng Palanca. Bilang pagpupugay, itinatag din ang Gregorio C. Brillantes Prize for Prose.

Ngunit higit sa mga parangal, ang tunay na pamana niya ay ang mga mambabasang patuloy na naaantig ng kanyang mga akda. Isa na rito si Hannah Jane Nario, 20, na nakatagpo sa mga kuwento ni Brillantes sa isang proyekto sa kanilang klase.

"Nabasa ko ang isang kuwento niya para sa project namin. Akala ko simple lang, pero habang binabasa ko, ramdam ko ang bigat at lalim—mapapaisip ka talaga pagkatapos."

ANG HULING PAHINA

Noong Setyembre 26, 2025, pumanaw si Brillantes sa edad na 92. Iniwan niya hindi lamang ang kanyang mga akda, kundi isang pamana ng pagmumuni-muni at inspirasyon. Sa tuwing bubuksan natin ang kanyang mga kuwento, hindi lamang siya ang ating makikilala, kundi ang ating sariling katauhan at pananampalataya.

Si Gregorio Brillantes ay mananatiling gabay at inspirasyon—isang liwanag na patuloy na magpapayaman sa isip at damdamin ng bawat mambabasa.

Si Gregorio Brillantes ay mananatiling gabay at inspirasyon—isang liwanag na patuloy na magpapayaman sa isip at damdamin ng bawat mambabasa.

BUHAY AY LARO: *Serve it Right*





ALEXEIZ NICONNE S. RIPARIP

Huwag mangamba kung kakayanin, hawakan na ang bola nang mariin. Huminga nang malalim, tumingin sa iyong harapan, at ihagis na ito kahit nanginginig ka pa. Sapagkat sa laro ng buhay, walang pagsasanay; kailangan mong ibuhos ang lahat ng mayroon ka at hindi umatras sa kung ano man ang magiging balik nito.

May mga bola na dudulas sa iyong palad, may mga tatama nang biglaan, at may mga araw na ang kort ay tila 'di pantay—madulas, basa, at puno ng hamon. Ngunit sa bawat palo at bawat pagkadulas, panigurado'y matututo kang bumangon at sumubok muli, paulit-ulit, hanggang sa matutunan mong harapin ang laro nang buong tapang.

Sa gitna ng larong ito, may kwento ng isang binatang nagngangalang Abelardo P. Martin Jr. Siya'y pang-apat sa walong magkakapatid, na nagbubuhos ng pawis at determinasyon upang abutin ang kanyang pangarap. Siya ay lumaki nang may paninindigan na higit pa sa kanyang edad. Dalawampung taong gulang pa lamang, ngunit sa bawat hakbang ay dala niya ang pangarap na maging ilaw—hindi lang para sa pamilya, kundi para rin sa sarili niyang pag-unlad.

Tahimik siyang kumikilos, ngunit sa likod ng katahimikan ay naroon ang matinding tiyaga at tapang na madalas hindi napapansin ng iba. Sa mundong puno ng kawalang-katiyakan, pinipili niyang bumangon araw-araw, hinahabi ang sariling landas patungo sa hinahangad na bukas. patungo sa hinahangad na bukas.

BAWAT BUTIL, BAWAT PAWIS

Bago pa man maranasan ang buhay-bayan, sa bukid muna nagsimula ang paghubog sa kaniya. Nagtatanim sila ng palay at mais, at bawat butil ay tanda ng dahilan kung bakit kailangang magsikap. Bawat patak ng pawis ay may kaakibat na responsibilidad.

Nang hindi siya makapasa sa mga unang unibersidad na kaniyang inaplayan, dumapo ang bigat ng realidad.

"Kailangan ko na talagang magtrabaho para mabuhay at makarating kahit bahagya sa pangarap ko," bulong niya sa sarili.

Natagpuan niya ang unang oportunidad sa isang maliit na kapehan sa bayan—ang Cafe Poblacion, na matatagpuan sa Burgos Street, Poblacion A—kung saan niya unang naranasan ang bilis ng serbisyo: pagtimpla ng kape, pakikitungo sa masungit na kostumer, at ang pakikipagbuno sa pagod na halos walang pahinga.

"Gusto ko nang huminto minsan... pero sino ang magbibigay sa akin ng pagkakataon kung hindi ako mismong kikilos?" Sabi niya habang pinapawi ang pagod sa noo.

Hindi doon nagtatapos ang araw niya. Kapag may panahon, bumabalik siya sa bukid o tumatanggap ng maliliit na trabaho para pandagdag sa panggastos. Para kay Abelardo, walang sayang na oras; bawat sentimo ay hakbang papunta sa pangarap.

Sa tuwing may parokyanong ngumumingiti dahil sa tamang timpla ng kanyang inumin, may munting ligayang bumabalik sa puso niya. Sapagkat para sa kanya, hindi libre ang mangarap—pinagbabayaran ito ng pawis, pagod, at matinding determinasyon.

ARALIN AT PANGARAP

Habang nagpapatuloy siya sa pagtatrabaho, dahan-dahan ding bumukas ang pinto patungo sa kolehiyo. Ngayon, isa na siyang freshman sa Tarlac Agricultural University (TAU), kumukuha ng Bachelor of Secondary Education (BSE) major in Science.

"Bata pa lang ako, pangarap ko na talagang magturo," kuwento niya habang naglalakad pauwi mula sa trabaho. "Gusto kong ipakita sa [mga] estudyante na kaya nilang abutin ang tagumpay."

Hindi madali ang sabayang bigat ng klase at gastos. Palaging may deadline, may exam, may bayarin. Ngunit sa bawat natatapos na papel at bawat markang nakukuha, ramdam niya ang unti-unting paglapit sa pangarap niyang makarating sa loob ng classroom bilang guro.

Maingat niyang hinahati ang oras mula umaga hanggang gabi. Kung may disiplina, kaya raw balansehin ang lahat kahit pagod, kahit kulang pa sa tulog.

Malaking inspirasyon para sa kanya ang pagtatapos niya ng high school na may mataas na karangalan at parangal sa isports. Paalala iyon na may saysay ang bawat pagsisikap, at sa kolehiyo, mas lalo niyang pinanghahawakan iyon.

PAGLALARO AT BUHAY-ESTUDYANTE

Nagsimula si Abelardo sa volleyball noong Grade 6, nang siya'y italaga bilang team leader. Mula noon, hindi na niya binitawan ang mundo ng laro. Para sa kaniya, ang volleyball ay higit sa libangan—ito'y paaralan ng disiplina, pagtutulungan, at patuloy na pag-unlad.

"Ang una kong tanong noon ay paano ko hahawakan ang responsibilidad bilang lider. Pero natutunan ko na bawat serve, spike, at block ay may sariling aral," sabi niya.

Bilang open spiker, natutunan niyang ang lakas ay hindi lang nasa katawan. Nasa puso ito, nasa isip, at nasa tiwala sa sarili at sa kasama sa court.

"Tinuturo sa akin ng laro [na] maging kompetibo sa tamang paraan. Natutunan ko rin ang halaga ng pagtitiwala sa kakampi," dagdag niya.

Paborito niyang sandali ang bawat panalo laban sa mabibigat na kalaban.

Sa mga sandaling iyon, hindi medalya ang mahalaga, kundi ang pakiramdam na may naniniwalang kaya niya.

HAMON AT PAGSUBOK

Hindi biro ang buhay bilang self-supporting student-athlete. May mga araw na ang ulan ay pumipigil sa trabaho, at may mga gabing tinutuloy niya ang laro kahit pagod na pagod na.

"Umuulan na naman... paano ngayon?" Saglit niyang bulong sa gitna ng bigat ng mga gawain.

Kapag sobra na ang pressure, kumakapit siya sa pamilya, kasintahan, at mga kaibigan—mga sandalan sa gitna ng pagod.

"Kapag masyado ka nang pagod, minsan kailangan mo lang tumahimik at lumapit sa tamang tao," paliwanag niya.

Hindi rin nawawala ang mga pagsubok sa isports—mga katawang may pilay at sugat, kakulangan sa practice, at mga araw na mababa ang benta sa trabaho. Pero sa bawat pagod, pinipili niyang magpakita.

"Kailangan ko lang gawin ang lahat ng makakaya ko," mahina niyang sabi.

Pinagmamalaki niyang nakamit ang ilan sa pinakamahalagang tagumpay: ang promosyon sa trabaho, ang pagkapasa sa entrance exam, at ang pagiging bahagi ng Mythical Six sa Palarong Pambayan.

"Masaya ako dahil kahit papaano, nakatulong ako sa pamilya. Hindi na nila iniintindi ang gastos sa pag-aaral ko," aniya, na may ngiting puno ng pasasalamat.

PANGARAP AT LIWANAG SA HINAHARAP

Natutunan ni Abelardo na walang madaling daan patungo sa tagumpay. Pero mas gumagaan ang laban kapag alam mo kung bakit ka lumalaban.

"Mahirap ang buhay, pero mas makakayanan kapag may katuwang ka," wika niya habang minamasdan ang mga susunod na hakbang.

Ang bawat hamon ay naging pundasyon ng kaniyang tapang. Ang bawat pagkatalo ay nagturo sa kaniya ng panibagong lakas. At ang bawat tagumpay—maliit man o malaki—ay paalala na may kahihinatnan ang pagsisikap.

Gusto niyang maging guro at volleyball coach—isang taong magsisilbing gabay at inspirasyon sa kabataan. Para sa kaniya, ang tunay na tagumpay ay hindi lamang nakasulat sa medalya o scores.

Ito ay nakikita sa araw-araw na pagpiling bumangon, magpatuloy, at maglingkod nang may dangal.

Sa huli, para kay Abelardo, ang buhay ay laro. At ang laro ay dapat laruin nang buong puso, buong tapang, at buong pananampalataya.



BIGKIS AT DIWA:
Ang Maskot ng bawat Kolehiyo

ALEXEIZ NICONNE S. RIPARIP AT MELODY GALOPO

Sa ilalim ng nagbabantang araw sa kampus, bumangon ang sigaw, palakpak, at kulay ng Tarlac Agricultural University (TAU).

Anim na kolehiyo, bawat isa'y may sariling kuwento, pangarap, at pusong sabay-sabay tumindig sa Intramurals 2025.

Habang nagpapatuloy ang programa, kapansin-pansin ang mabilis ngunit maingat na kilos ng bawat delegasyon sa entablado. Kasunod nito, lumabas ang kanilang mga maskot—bawat isa'y nagdadala ng karakter, damdamin, at siglang nagpapainit sa buong kampus.

Sa bawat galaw at ekspresyon, ramdam ang tiyaga at dedikasyon na humubog sa kanilang pagtatanghal. Puno ng enerhiya at kulay, nabuo ang panibagong kuwento ng diwa at pagkakaisa ng bawat TAUian.



Pag-abante ng Medisina

Sa College of Veterinary Medicine (CVM) White Eagle, ang bawat hakbang ng paghahanda ay tila may kasamang aral. Sa unang araw ng Intramurals, ramdam ang kaba at saya sa paligid. Ang ilan ay nag-aayos ng props, ang iba'y nag-eensayo ng kanilang yell. Sa gitna ng lahat ay si Gerald Bedania, second year student, nakatayo, mata'y nagliliwanag habang ipinapaliwanag ang kanyang ideya sa mga kasama.

"Gusto naming ipakita na hindi lang kami mahusay sa academics at klinikal na trabaho, kundi sa creativity at teamwork din," wika niya.

Habang lumalapit ang oras ng presentasyon, ramdam ng bawat isa ang kabog ng puso at pananabik. Isa-isang dinidikit ang bawat detalye sa maskot—isang White Eagle na sumasalamin sa lakas, dedikasyon, at tibay ng bawat beterinaryo.

"Ang pinaka-nagrerepresent sa [maskot namin] ay yung hard work. Ang dami pong feathers na mano-manong dinikit, matrabaho siya," dagdag ni Gerald.

Ang simbolo ay higit pa sa palamuti. Ito ay paalala na sa sipag, tiyaga, at sama-samang pagsusumikap, may tagumpay na naghihintay.

Abante Veterinaryo, Viva Medisina!

Abante Veterinaryo, Viva Medisina!



Let's go Tamara! Let's Go!

Pagtindig ng CAFamilya

Mula sa nakaraang kampyonato ng Intramurals 2024, bitbit pa rin ng College of Agriculture and Forestry (CAF) VerDe Tamaraw ang lakas ng loob at determinasyon upang ipaglaban ang kanilang nasimulan.

Ayon kina Jay Dela Cruz at Lester Jade Daquigan, bawat ideya sa pagbuo ng kanilang props at maskot ay maingat na pinag-isipan at nagbigay suporta sa kanilang yell. Mula sa isang maskot lamang noon, dumoble na ang kanilang inihanda ngayong taon dahil isinama nila si Kylie—ang anak ni Kerby at Kyla.

Ang kulay itim ng tamaraw ngayon ay mas buhay na sumasalamin sa katapangan, kasipagan, at lakas ng kolehiyo.

"Yung last year talaga, biglaan. Ngayon planado na, pinaliit namin yung ulo kasi noong nakaraang taon, sobrang init at hindi kayang buhat-buhatin," saad ni Dela Cruz.

"Gumagawa kami ng maskot hindi dahil sa kompetisyon sa palakasan kundi pagkakataon para pasiyahin ang buong TAU," dagdag nila.

Sa bawat sigaw, galaw, at kulay na kanilang ipinakita, ramdam ang "sipag" at determinasyon—isang pundasyon na patuloy nilang pinanghahawakan.

Let's go Tamaraw, let's go!

Pagsiklab ng CAS

Bitbit ang karanasan mula sa rumaragasa at nagliliyab na samahan, muling ipinakita ng College of Arts and Sciences (CAS) Orange Phoenix ang init ng kanilang pagkakaisa. Sa bawat manlalaro, estudyante man o guro, ramdam ang pagmamahal at suporta, na nagbibigay tibay sa muling pag-alpas ng kanilang simbolo—ang phoenix na si Pining.

Bagama't mahirap ang simula, patuloy silang naglalagablab para sa iisang hangarin—ipakita ang lakas, galing, at determinasyon ng bawat kasapi. Ayon kay Joela A. Tomas, "Bali every year nagi-improve [ang maskot namin], parang every year lumalaki si Pining."

Ang blazing Phoenix ay dinisenyo gamit ang kulay orange at black, na sumisimbolo sa buong kolehiyo. Taglay nito ang diwa ng motibasyon para sa bawat laban ng mga manlalaro. Hindi lamang ang student council ang gumagawa ng maskot; ang buong kolehiyo ay nagtulungan upang mabigyang-buhay ang simbolo.

Sa huli, sinong pinakamalakas? Mga CAS 'yan!



Sinong pinakamalakas? Mga CAS 'yan!



Ariba CEd! Sentro ng excelente!

Paglayag ng Dumagat, CEd

Sa dedikasyon ng mga mag-aaral na nangangarap maging propesyonal na guro, muling nagpakita ang College of Education (CEd) Blue Falcon ng lakas at galing. Buhay at masiglang hinarap ng Blue Falcon ang panimula ng palakasan, pinangunahan ng kanilang student council at mga guro na tagapagsanay ng mga atleta sa iba't ibang kategorya.

Para kay Angel Asio, ang Falcon at ang matayog nilang lipad ay higit pa sa simbolo ng kolehiyo—ito'y larawan ng kanilang mga pinahahalagahan. "Kung ano po ang abilities at skills na puwede nilang ipundar ngayon, iyon po siguro ang values na ipinapakita ng falcons—discipline," paliwanag niya.

Binigyang-diin ni Asio ang paraan ng bawat estudyante sa pagharap sa mga hamon, mula sa tahimik na labang kinakaharap ng mga dumagat hanggang sa aktibong partisipasyon sa intramurals.

Mula naman sa perspektibo ni John Orly Batad, isang atleta at estudyante, malinaw ang kahandaan ng bawat kalahok. "Yung mas-prinepare po kasi natin is yung mismong performance po natin dito po sa yell and also yung active participation po ng ating mga students," ani Batad.

Hindi man nagkaroon ng maskot ang CEd, hindi ito naging hadlang sa pagpapakita ng kanilang lakas at husay.

Ariba CEd! Sentro ng excelente!

Bangis ng Tigre, CET

Kasabay ng pag-usbong ng modernong panahon at teknolohiya, malaking bahagi ang mga pagkakataon at karanasan sa kolehiyo sa paghubog at pag-unlad ng mga magaaral mula sa College of Engineering and Technology (CET) Maroon Tiger.

Ayon kay Grace Pearl Nalanga, ang tigre bilang maskot ng kolehiyo ay sumasalamin sa lakas, determinasyon, at kakayahan ng bawat estudyante. "Kapag sinasabi naming 'tiger roaring,' ito'y paraan namin para ipakita kung sino kami—ang aming lakas, pride, at ang buong effort namin na ipakita ang aming sarili," ani Nalanga.

Hindi lamang lakas ang ipinapakita ng tigre. Ito rin ay simbolo ng kakayahan ng bawat estudyante na magsumikap at ipakita ang sarili, kahit mag-isa, ngunit may iisang layunin at diwa ng pagtutulungan. Dahil dito, tiniyak ng CET na mapanatili at mapabuti ang simbolo ng tigre mula sa nakaraang taon, na nagsisilbing gabay at inspirasyon sa bawat hakbang ng kanilang kolehiyo.

"Gusto namin manatili sa parehong pundasyon mula sa nakaraan, para may common ground pa rin kami, alam namin kung saan kami babalik, as CET tigers," dagdag pa ng Maroon Tiger.

One heart, one soul, one CET!



One heart, one soul, one CET!



Dagundong ng Jaguars, CBM

Sa puso ng matibay na samahan at pagkakaisa, sumisiklab ang dagundong ng College of Business and Management (CBM) Yellow Jaguars.

Ayon kay Katrina May G. Yadao, sandali man ang inabot ng kanilang paghahanda dahil sa nakaraang CBM Week, patuloy pa rin ang kanilang paninindigan at lakas ng loob na lumaban.

"In-asisst na lang kami, tapos lahat ng council binigyan namin ng gagawin kung ano yung pwedeng committee nila kasi may mga committee kami per council kung ano yung gagawin nila this intrams," wika ni Katrina, na nagpapakita ng organisadong pagtutulungan.

Nagbalik-tanaw rin siya sa nakaraang dalawang taon kung saan ang dinesenyo nilang maskot ay patuloy na ginagamit, nagbigay pagkakakilanlan at inspirasyon sa kolehiyo.

Sa huli, ipinakita ng Yellow Jaguar ang kanilang samahan, at determinasyon—isang pundasyon na patuloy nilang pinanghahawakan.

Umaarangkada, jaguars!

Umaarangkada, Jaguars!

Ang tunay na panalo

Matapos ang makulay at masiglang Intramurals, muling bumabalik ang alaala ng bawat sigaw, galaw, at kulay na nagbigay-buhay sa kampus—tila isang pagbubukas ng bagong kabanata sa ilalim ng nagbabantang araw.

Malinaw na ang tagumpay ay hindi nasusukat sa medalya o tropeo; ito'y nasa puso, dedikasyon, at pagkakaisa ng bawat kolehiyo.

Ngunit sa gitna ng lahat, naiwan ang tanong: sino ang tunay na nag-iwan ng marka—ang kolehiyong nagningning, o ang pusong bumuhay sa bawat sandali ngayong taon?

FALLING BALANCE


They built a scale to test the will,
Where weight meant worth, made calm
and still.
Each mark aligned, each figure clear,
What showed itself was held sincere—
The rest fell silent, standing still.

The scale was taught to count ascent,
To trust the rise of what was meant.
It learned that order passes sight,
That straightened lines resemble right
When judgment bends to precedent.

Yet some weights never met the plate—
The hours lent to mediate,
The steadied hands in borrowed light,
The choice to stay beyond the night,
Where service asks no name or date.

So fewer names remained in view,
As borders thinned the field it drew.
Not all were weak, nor proved untrue—
Some failed to fit the measured hue
That numbers silently pursue.

And still the scale stands—exact, composed,
Not harsh, not kind, but purpose-closed.
It does not ask what shaped the spine,
Who learned to hold the breaking line;
It weighs what stays—and leaves the rest
unposed.



THRES

MGA DIBUHO N
MGA SULAT NI M

THE LOVER

“What a burden!” is what I always hear. As the vastn
baggage became more than I could carry.

The ticking of the clock stopped, but he—always lat
tinued the discussion as if time bent to his
flick of his hand, he could turn
with our

H




KALBARYO

Edukasyon—ilaw na tanglaw sa dilim,
hagdan ng isip, pag-asa ng bukas;
dito ko iniiukit ang bawat pangarap,
sa bawat pahina, sa bawat gabing gising.

Mas tumitibay ang pagkatuto sa paligid:
sa daang hindi hadlang, sa tahanang
payapa,
sa lupaing kayang sumalo sa pangarap,
at nagbibigay-layang huminga ang isip.

Ngunit ako’y napaulanan ng kamalasan,
ang aking lupa’y durog, ang daan ay ilog;
kahit pinakamahal na bantay ang itinayo,
ang tubig ay dumaraan, walang
kinikilingan.



s
the

LIHAM PARA SA AKING PINAKAMAMAHAL NA KAIBIGAN

Mahal kong kaibigan,

Matagal na kitang gustong sulatan, pero hindi kasi ako sigurado kung makakarating sa’yo, ngunit ngayon ay hindi ko na kayang pigilan pa aking sarili. Gusto lamang kita kumustahin kasi batid ko namang hindi biro ang trabahong hawak mo—isang mansyon na kilala sa buong lalawigan, may tarangkahang palaging pinakikintab at harding laging inaayos para sa mga dumaraan. Kasi sabi mo nga kailangang magmukhang matatag ang mansyon sa unang tingin pa lamang, lalo na’t maraming mata ang laging nakatutok sa harapan nito. Tama ka naman doon.

Nga pala, noong napadaan ako sa mansyon na iyong pinagtatrabahuhan, naramdaman kong malaki ang inuubos mong oras sa labas. Dahil may bagong ilaw sa pasilyo ng entrada, may mga ukit na dinadagdagan sa marmol, may mga karatulang inaayos ang pagkakasulat. Kung ganoon ang labas, panigurado ay inuubos mo rin ang oras sa loob, tama? Mas lalo na ang huling kwento mo sa akin na sa loob, tahimik lang ang mga kisame habang dahan-dahang bumibigay, at ang mga silid ay natutong magsiksikan nang hindi nagrereklamo. Hindi naman na siguro ganoon ngayon, pero kung ganoon pa rin, siguro’y ganoon talaga—mas mahalaga ang nakikita kaysa sa nararamdaman.

Isa pa pala, balita ko marami ring tinatanggap na bagong naninirahan ang mansyon. Nagtataka nga raw sila bakit ganoon dahil sabi-sabi ng ibang mga nag-trabaho sa mansyon at nakatira sa mansyon noon, puno na ang mga kwarto, pero patuloy pa rin ang pagpapasok ng mga bagong gustong manirahan. Ganoon pa rin ba hanggang ngayon? Hindi naman na siguro, pero kung ganoon pa rin, hinahangaan ko ang tiwala mo sa kakayahan ng mansyon na maglaman ng mas marami pa, kahit ang hangin ay kailangang paghatian at ang pahinga ay isinasalang sa iskedyul. Ang sikip ay tinatawag na sigla, at ang pagod ay isinasalin bilang sakripisyo.

Tanda ko rin pala na naikwento mo rin sa akin kung paano mo hinahawakan ang mga sulat ng mga nakatira roon; na hindi lahat kailangang makarating sa labas ng bakod. May mga hinaing na mas mabuting manatili na lamang sa loob ng sobre, para sa kaayusan ng mansyon. Ganoon pa rin ba hanggang ngayon? Siguro ang sagot ay oo, kasi kung hindi baka nakakausap pa kita. Sabagay, maganda namang paraan na hindi lahat kailangan talagang mailabas sa bakod, dahil kung lahat iyon mailalabas, baka wala na ang kapayapaan na pinagmamalaki mo—isang kapayapaang bunga ng pagkatutong hindi magsalita.


Ngunit, may isang bagay lang akong hindi agad naunawaan, kaibigan. Lagi mong sinasabi sa akin noon na libre ang paninirahan sa mansyon—isang pribilehiyong ipinagmamalaki mo. Pero sa bawat anim na buwan may singil daw sa tubig na iniinom nila, sa ilaw na ginagamit nila para makita ang daan, sa kuryenteng nagpapaandar sa araw-araw nilang gawain. Libre raw ang tirahan, pero may bayad ang mabuhay. Kahit ang hindi pagdalo sa pulong sa bulwagan—kahit may sakit, kahit may inaasikaso—ay may katumbas na multa. Isang paalala raw ng disiplina, sabi mo, bagama’t hindi malinaw kung saan napupunta ang nakokolekta. Totoo ba iyon? Sabi sabi kasi iyon ng mga nakaalis na sa mansyon.

Sabi pa nga nila, may mga ulat din tungkol sa kanilang mga gawain—mga tala kung maayos ba nilang nagampanan ang kanilang tungkulin bilang isang tao na naninirahan sa mansyon. Magandang paraan iyon sa kaayusan, para kahit marami ang mga tao na nasa mansyon, mababantayan at makakatulong sila sa iyo sa pagsasaayos ng mansyon. Kaso raw ang problema, dumarating ang mga ito nang huli. Minsan, kapag naparusahan na sila; minsan, kapag sila’y napaalis na.

Hindi ko naman sinasabing mali ang napili mong trabaho, kaibigan. Sa totoo lang, bihira ang magkaroon ng trabaho na bibigyan ka ng kakayahang panatilihing makinang ang marmol habang unti-unting nabibitak ang pundasyon. Hindi lahat kayang ipagpalit ang ginhawa sa imahe, o tawaging kaayusan ang kakulangan. Isang kasanayang natutuhan lamang ng mga matagal nang sanay sa ganitong trabaho.

Higit sa lahat, hindi ko naman sinasabing tumigil ka, kaibigan. Mukha namang gamay mo na ang ganitong gawain. Saka iyon ang papel na napili mong gampanan, sino ba naman ako para manghimasok? Kaya, sige lang, ipagpatuloy mo. Nakakabilib ang iyong tiyaga. Masaya ako na nakikita kang ginagawa ang lahat nang buong husay. Talaga namang espesyal ang galing mo—kahit na minsan, mas kayang mong panatilihin ang kinang habang alam mong may mga bagay na nananatiling bitak sa ilalim. Ang mahalaga ay ang ganda ng mansyon, at ang galing mo.

Nagmamahal,
Kaibigang lagi mong kakampi



SHOLD

NI JOHN BERNARD DORIA
ONICA ELLAINE ASUNCION

OF PUPPETS

ness of daylight dimmed, the weight of my

e—did not. Smirking at the center, he con-
will. Grades are the reason I stayed. With a
my portal red, mark an INC, or play darts
future if anyone dared protest his might.


e has a history of failing students who pull
their own strings.

He laughed when one knelt, begging for another examination. Mercy is not part of his beliefs. He lives like a curse among people—a curse passed from one to another, semester after semester.

"What a burden..." we whisper, mouths closed, heads bowed.

After some time, only a twenty-minute break remained. The urge to drop the subject crossed my mind. Freedom felt close, almost reachable. Yet, I realized I only needed to endure a little longer.

I stood up alone and gathered my belongings—not to eat, not to rest, but to get something done well in advance. I walked forward with pride, cutting my trings one by one, and did not look back at man who loved his puppets too much.



ONCE TRUSTED

It stands, a beacon on the floor,
Its polished frame has held much more.
A thousand voices once have leaned,
Each speech, each word, each dream convened,
Its presence is proud, a quiet lore.

Beneath the varnish, subtle lines,
A crack concealed, where sunlight shines.
Inside it rests, unseen, secure,
A flaw so small, yet must endure,
A hidden mark of passing times.

And yet they brought another here,
Replaced the worn, the aged, the near.
Though only minor was the break,
They deemed it lost, a past mistake,
Though hands could mend what's fragile, clear.

Still it waits, with hope intact,
Its stance, though bent, remains exact.
Perhaps someday it will be called,
Its strength remembered, not yet stalled,
A silent wish it keeps intact.

But now it bows to what must be,
Its voice restrained for all to see.
A weary heart, resigned, aware,
The crowd moves on, the stage laid bare,
And mercy only lets it be.



SHATTERED BY WAITING

Tired of loving what refuses to grow,
Telling myself patience is proof, not delay,
Through years of excuses dressed up as care,
Trusting you'll change before I walk away.

All I ask is effort, honest and bare,
A sign you notice how long I stayed,
After giving time I'll never reclaim,
At least meet me halfway for once, unafraid.

Until I leave, I still whisper hope,
Under my breath, a quiet plea remains,
Under all this love is a breaking point,
Unchanged hearts lose those who learned to wait.





MULAT

"Kaya ko 'to," bulong ni Kira sa sarili sabay tanaw sa nakakalat na mga mock entrance exam papers sa mesa. "Makakapasa ako sa pinapangarap kong unibersidad." Ang kanyang mga gabi'y nauwi sa kape at pagsusuri ng bawat sagot, ang bawat mali ay paalala na kailangan pang magsikap. Dumating ang araw ng entrance exam, at pagpasok pa lamang niya sa silid kung saan gaganapin ang eksaminasyon, ramdam niya agad ang kaba at pag-asa, pagkatapos ng exam ay napahinga na lamang siya nang malalim. Alam niyang ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya kaya hindi ito mapupunta sa wala. Ilang linggo ang lumipas, ang resulta para sa entrance exam ay lumabas na, at nang dumating ang email na nagsasabing siya ay nakapasa sa unibersidad na gusto niya at sa programa pa na kanyang pinapangarap, ang kasiyahan na kanyang naramdaman ay hindi kayang maipaliwanag ng kahit anumang mga salita. Ngunit, sa paglipas ng panahon na pamamalagi sa unibersidad, unti-unti niyang nakikita kung gaano kabulok ang sistema, ang dating pag-ibig sa pangarap ay unti-unting napapalitan ng pagod; ngayon, ang nais na lang ay makaalis, makawala, at huminga sa labas ng pader na minsang inisip niyang tahanan.

DUSTY HOPE

I walk these halls with peeling walls,
Dreams delayed by broken calls,
Rules bend for power, not for all,
This place keeps tripping when we crawl.

Classes drown in empty talk,
Paper trails we're forced to walk,
They preach of change but only mock,
We learn the art of silent shock.

Still, students rise from cracks and dust,
Sharing hope because we must,
Voices shake, but stand with trust,
Small defiance carved from rust.

I'm thankful, yes, though not content,
This light won't fix what's rotten, bent,
The good can't hide the damage meant,
At least there's warmth—though insufficient.





CAF rules 2025 TAU Intramurals; secures third consecutive wins with record-high 166 medals

John Lloyd Agustin

"Unstoppable and undefeated."

Verde Tamaraws from the College of Agriculture and Forestry (CAF) have once again proven Intramurals supremacy this year, clinching a third straight title and bolstering their dynasty with a historic 166-medallion sweep.

Tamaraws, throughout the competition, displayed dominance in 14 out of 26 featured events, with their team yielding the highest 16 gold-medal count in Athletics, along with another nine in both slow pitch and sepak takraw.

CAF further stretched their medal count after defending their titles in the Men's and Women's Basketball Tournament, with both teams contributing five medals overall.

However, CAF's gold-medal haul momentum eventually faltered as the groovers failed to clinch seven golds and defend three-peat title in the Hip-hop Competition, following a tight battle of moves and swag.

Although they fell short in hip-hop, they still reigned, sealing the tally with a 27–83 margin against College of Business and Management (CBM) Yellow Jaguars and College of Engineering and Technology (CET) Maroon Tigers, respectively.

CAF amassed 76 golds, 40 silvers, and 50 bronzes overall, up from last year's 57-48-19.

CBM, on the other hand, remained in the second spot since 2024 March Intramurals.

Regained Momentum

With a last-minute surge of seven golds in hip-hop, the Maroon Tigers roared back to claim third place in the standing.

Accumulating 83 medals overall, CET managed to dethrone last year's third-place podium finisher, the College of Arts and Sciences (CAS) Orange Phoenix, who obtained only 71 medals (10 golds, 20 silvers, and 41 bronzes).

Since the Intramurals comeback, CET and CAS had been locked in a fierce battle for third place, with CET claiming it in the inaugural edition and the latter taking it back in November 2024.

This year, however, CAS fell to fifth, unable to keep pace with CET's dominant medal haul.

Soaring higher, standing reshuffled

Moreover, the College of Veterinary Medicine (CVM) White Eagles, who started last, made an impressive climb up the rankings, soaring from fifth last year to fourth this year.

CVM boosted their 23-18-32 medal tally after clinching six golds in Taekwondo, four in Arnis, and another four in table tennis.

Despite outpacing CET in total medals, CVM fell behind under the Sports and Development Office's (SDO) gold-medal weighting rule, allowing CET to cling to third place in the final standings by just a seven-gold margin.

In addition, the College of Education (CEd) Blue Falcons, claiming 10 golds as CAS, 19 silvers, and 29 bronzes, settled at sixth and last place for the second time, but with an improved medal count.

CEd failed to secure fifth place after CAS edged them out by a single silver, 20 to 19.

Said overall tally, meanwhile, was verified by the Supreme Student Council (SSC) and later reveiwed and approved by the SDO.

Bill backing PH Nat'l athletes clears Congress first reading; extra perks, protection expected

John Llyod Agustin

House Bill No. 4175, known as the National Athletes' Rights Protection Act, officially passed its first reading in the 20th Congress of the House of Representatives on September 2.

Filed by Uswag Ilonggo Party-list Representative James "Jojo" Ang Jr. on August 28, the bill seeks to establish clear policies that ensure fair treatment, financial support, access to medical and mental health services, and career transition programs for Filipino athletes who have represented and brought pride to the country in international competitions.

In the explanatory note of the bill, Ang emphasized that the act "provides much-needed support to the national athletes who devote their productive years in the service of the country."

Section 5, which mandates the creation of a National Sports Association (NSA) Handbook, also requires every sports federation to adopt transparent guidelines that safeguard athletes' rights and promote accountability.

Moreover, three of the Philippines' top Olympians: Maxine Esteban (fencing), Hidilyn Diaz (weightlifting), and EJ Obiena (pole vaulting) co-authored the bill, with their firsthand experiences serving as foundation for calls to institute long-overdue reforms in Philippine sports.

Esteban, in her X post, shared, "my heart is so full. Today in Congress, House Bill No. 4175 was officially read."

"This bill is a landmark step to protect and uplift our national athletes," Esteban added.

For her, gradually passing the bill, with added benefits and expanded assistance in sight, would bring real change to Filipino athletes.

"This is more than just a bill—it's a step towards creating a fairer and safer system where Filipino athletes are truly supported and given the chance to thrive," the athlete said.

As of writing, the House bill has remained pending with the Committee on Youth and Sports Development since the day it gained congressional nod.

CAS three-peat champ sa Men's, Women's Singles Badminton; Jose may inamin

Jayron Mark Dela Cruz

Nadipensahan muli nina College of Arts and Sciences (CAS) Orange Phoenixes Miko John Fermin at Neah Jose ang kanilang kampeonato sa Men's and Women's Singles Badminton ng Tarlac Agricultural University (TAU) Intramurals 2025 matapos magtala ng isa na namang malinis na undefeated record ngayong taon.



DOMINASYONG WALANG WAKAS Muling pinatunayan ng College of Arts and Sciences (CAS) ang kanilang dominasyon sa badminton matapos makamit ang ikatlong sunod na kampeonato sa Men's at Women's Singles sa TAU Intramurals 2025, sa pangunguna nina Miko John Fermin at Neah Jose na walang iniwang bahid ng pagkatalo sa torneo. ***Kuha ni Mark Vince Tripoli***

Ang ebolusyon ni Fermin

Sa pangatlong pagkakataon, hinarap muli ni Fermin ang intramurals rival, SUC III Olympics teammate, at pambato ng College of Agriculture and Forestry (CAF) Verde Tamaraw, si John Aldrin Bandola, sa championship match ng Men's Singles Badminton.

Sa parehong court na kanilang pinaglaruan noong nakaraang taon, mas lalong naglagablab ang mga apoy ni Fermin matapos dominahin ang karibal gamit ang metikulosong kontrol nito sa shuttle at mala-kidlat na bilis sa pag-smash, 21-6, 21-12.

Sa kanilang unang pagtutuos, natapos ang bakbakan ng dalawa sa isang thrilling three-setter match, 18-21, 21-19, 21-12, pabor sa Phoenix.

Sa ikalawa nilang pagtatagpo sa battle for gold, mas lalong tumalim ang mga banat ni Fermin kung saan nagtala siya ng undefeated record, dahilan upang madaig ang karibal sa iskor na 21-19, 21-15.

"Balance po ang pag-aaral at ang training. Yun lang po, maging consistent lang po sa mga training kahit may mga araw na tatamarin ka. Parang iisipin mo na 'pag nag-iimprove ang iba, mas mag-improve ka pa. Yun yung mindset ko," pahayag ni Fermin.

"Si Fermin kasi, patuloy siyang naglalaro. Kumbaga pagkatapos ng SCUAA, tuloy-tuloy pa rin yan. Ako kasi pagkatapos ng SCUAA, wala na, hindi na ako naglalaro, paminsan-minsan na lang," ani naman ni Bandola.

Ang bigat ng pagiging kampeon

Magkahalong emosyon naman ang naramdaman ni CAS Orange Phoenix Neah Jose matapos muling masungkit ang gintong medalya sa intramurals.

"Kapag naglalaro ako, parang nape-pressure yung mga nakalalaban ko kasi nalalaman nilang lahat na sumasali ako ng SCUAA, lao na noong sumali ako ng National SCUAA," saad ni Jose.

Inamin din ni Jose na may parte sa kaniya na nais niyang magpaubaya sa pagkapanalo.

"Parang ayaw ko ng maglaro. Kasi yun nga, naglalaro ako sa mga tournament," ani Jose.

"Nararamdaman ko sa kanila na talagang nappressure sila, na parang ayaw na nilang lumaban kapag ako na talaga iyong katapat nila. Binibigay na nila, parang ayaw na nilang ilaban pero may ilalaban pa talaga sila," dagdag pa niya.

Ipinahayag naman ni CAF Verde Tamaraw at Women's Singles Badminton silver medalist Diana Corpuz ang naramdaman niya nang makatapat si Jose sa finals.

Inamin niya ang nadamang pressure nang makatapat si Jose sa court: "Siyempre po (na-pressure), malakas po siya. And sinasabi po ng mga friends ko na umaabot siya sa national. So ayun po, nakaka-pressure talaga kapag siya yung kaharap," ani Corpuz.

Tinapos ni Jose ang laban kontra kay Corpuz sa iskor na 21-3, 21-7.

Samantala, matapos ang dalawang araw na tapatan sa court Nobyembre 19-20, parehong nasungkit nina CAF Verde Tamaraw Pamela Desate at College of Veterinary Medicine (CVM) White Eagle Myrel Jeihra Relorcasa ang tansong medalya sa Women's Single Badminton.

Nakamit naman nina CAF Verde Tamaraw Adrian Austria at College of Business and Management (CBM) Yellow Jaguar Michael Sambajon ang tanso sa Men's Single Badminton.

Serving kicks and justice: The rise of patrolwoman Alyssa Mariano Bautista, striking gold in taekwondo

■ Mark Sedrick Pulido and Meriely Yette Torres

With precision, discipline, and the heart of a true public servant, Patrolwoman Alyssa Mariano Bautista of the Philippine National Police (PNP), delivered an outstanding performance, earning the gold medal in the Philippine Uniformed Services Sports League (PUSSL) Taekwondo Event held at AFP Wellness Center, Camp Aguinaldo, Quezon City, on October 9, 2025.

Representing the PNP and Camiling Taekwondo Fighters, Bautista outclassed opponents from seven other uniformed agencies, including the various branches of the Armed Forces and the bureaus of fire and corrections. Her victory brought pride not only to the institution but also to her hometown, Camiling.

Still catching her breath from the final round, Bautista expressed her gratitude and relief after seizing the victorious match.

"May halong tuwa at ginhawa, dahil sa wakas ay nagbunga ang lahat ng pagod at hirap. Pero higit sa lahat, ang naramdaman ko ay utang na loob sa mga kasama, sa pamilya, at sa institusyong nagtiwala," she said.

For Bautista, the medal symbolizes not just skill and success but also the values of service, courage, discipline, and integrity—the same virtues the PNP holds in its personnel.

"Yung pagkapanalo ko ng gold medal bilang isang pulis at atleta ay hindi lang tungkol sa tagumpay sa palakasan," she shared. "Ito ay patunay ng mga halagang itinuturo ng PNP sa akin. Ang tapang ay nasusukat hindi lamang sa pakikipaglaban, kundi sa kakayahang bumangon sa bawat pagkatalo."

A legacy of discipline and dedication

Bautista began her taekwondo journey at the age of five; a path first inspired by her late father—her first coach and biggest motivator.

"Mula pa noon, bahagi na ng buhay ko ang taekwondo," she recalled. "Taekwondo ang nagpaaral sa akin. Nakapag-aral ako nang libre sa University of Santo Tomas (UST), kung saan ko natutunang magpursige, magdisiplina, at lumaban nang may respeto."

Now a dedicated police officer, she continues to bring the discipline and values she learned on the mat into her work. With the guidance of her training leaders and coaches, she has grown as an athlete, rising to compete and succeed while representing the organization with pride.

Family: The cornerstone of success

After their father's passing in 2017, her brother Marlon Bautista took over as her mentor and head coach at Camiling Taekwondo Fighters, continuing their family's legacy in the sport. He describes Alyssa as a disciplined and determined athlete who consistently grows stronger with every match.

"Disiplinado at dedikado siya sa Taekwondo, at lagi kong nakikita ang pag-improve niya sa tuwing sasabak siya sa laban," he shared. "Positibong mag-isip, at proud ako sa pagkapanalo niya bilang Taekwondo player ng PNP."

Alyssa echoed her brother's pride, saying, "Sa tulong at suporta ng aking ama, mga coaches, at sa aking kapatid na laging naniniwala sa akin, nagsimula akong lumaban dala ang pangalan ng PNP at ng aking pinagmulan na bayan."

Champion's mindset

Throughout the competition, Bautista admitted that nervousness is always part of the game—but focus and faith help her prevail.



KICKS OF HONOR. Blending athletic excellence with public service, Patrolwoman Alyssa Mariano Bautista of the Philippine National Police showcased grit and discipline as she claimed the gold medal in the Philippine Uniformed Services Sports League Taekwondo competition at Camp Aguinaldo on October 9, 2025. ***Photo courtesy from Patrolwoman Alyssa Mariano Bautista***

"Kapag nakakaramdam ako ng pressure, pinapaalala ko sa sarili ko na kalma lang at magtiwala," she said. "Ginagawa ko ito para maglingkod at magbigay karangalan. Lagi kong sinasabi sa sarili ko, 'Akin 'to.'"

When the final round and her victory were announced, she felt an overwhelming sense of gratitude.

"Pasasalamat sa Diyos, sa mga taong sumusuporta, at sa lahat ng sakripisyong hindi nasayang. Ang gintong medalya ay hindi para sa akin, kundi para sa kanila at sa bayan," she said with emotion.

Bautista shared that stepping on the mat allows her to show not just her skills but also her character as both a policewoman and athlete.

"Ang pag-apak ko sa mats ay naging pagkakataon ko para maipakita hindi lang ang galing, kundi pati ang disiplina at dedikasyon bilang isang pulis at atleta," she said. "Hindi madali ang daan, pero kung malinaw sa'yo kung bakit mo ito pinili, kakayanin mo ang lahat ng hirap at sakripisyo."

Inspiring the next generation

Before ending her story of triumph, Bautista shared words that reflect her journey as both a policewoman and an athlete—words meant for those who wish to follow her steps.

When asked what message she would give to young cadets or students who wish to follow in her footsteps, Bautista emphasized authenticity, perseverance, and purpose.

"Hindi madali ang daan," she advised. "Pero kung malinaw sa'yo kung bakit mo ito pinili, kakayanin mo lahat ng hirap at sakripisyo. Hindi sapat ang tapang lang; kailangan din ng disiplina, respeto, at malasakit sa kapwa."

Back to duty with pride

Fresh from her victory at the PUSSL, Patrolwoman Alyssa Mariano Bautista did not take a break from duty. Instead, she went straight back to serve—carrying the same passion and discipline that brought her an even brighter symbol of honor around her neck.

In every kick she delivers and every call she answers, she is an excellent "kicker".



LARO. LAKAS. PAGKAKAISA. Puno ng enerhiya at samahan ang Tarlac Agricultural University Grounds nitong Nobyembre 17–18 habang nagsasanay ang mga estudyante, atleta, at coaches mula sa iba't ibang kolehiyo, pinagtitibay ang kanilang kahandaan at pagkakaisa para sa nalalapit na Intramurals 2025. ***Kuha ni Jeb Lauren Rentillosa***

Pagsasanay at pagkakaisa: TAUians, handa sa hamon ng Intramurals 2025

■ John Llyod Agustin

Puspusan ang paghahanda ng mga estudyante, atleta, at coaches mula sa iba't ibang kolehiyo sa TAU Grounds nitong Nobyembre 17–18 bilang paghahanda para sa nalalapit na 2025 Intramurals ng Tarlac Agricultural University (TAU).

Pinangunahan ng mga atleta mula sa College of Veterinary Medicine (CVM) at College of Business Management (CBM) ang ensayo noong Nobyembre 17, ipinapakita ang kanilang determinasyon at pagsisikap sa kabila ng matinding init. Mula sa agility drills hanggang sa ball-handling routines, kitang-kita ang disiplina at mataas na enerhiya sa bawat galaw.

Nagsagawa rin ng masinsinang pagsasanay ang College of Education (CED) at College of Engineering and Technology (CET), kasunod ng kani-kanilang schedule para sa iba't ibang isports at kompetisyon. Sa bawat pito ng coach, mas lalong umiigting ang paghahanda at pag-asa na makapag-uwi ng panalo para sa kani-kanilang kolehiyo.

Kasabay nito, pinaghahandaan ng iba pang estudyante ang chants, cheers, at choreography para sa Yell at Hip-Hop Competition, habang nagsasanay naman ang mga kalahok ng Mr. and Ms. Intramurals sa Gilberto O. Teodoro Gym.

Higit pa sa pisikal na ensayo, nabubuo rin ang samahan at sigla ng bawat estudyante. Sa bawat hakbang at galaw, ramdam ang pagtutulungan, pagbabahagi ng ideya, at sabayang paghahanda bago ang opisyal na pagbubukas ng Intramurals.

Layunin ng 2025 Intramurals na pagtibayin ang ugnayan ng mga estudyante, kasunod ng temang "Game On: Building Bonds Beyond Victory," na naglalayong palakasin ang teamwork, sportsmanship, at pagkakaisa sa kabila ng kompetisyon.

Ngayong araw, nakatakdang mag-ensayo sa TAU Grounds ang mga atleta mula sa College of Arts and Sciences (CAS) at College of Agriculture and Forestry (CAF). Inaasahang puspusan ang kanilang paghahanda habang papalapit na ang mga pangunahing laban at performance competitions.

Pusong handang sumabak

Bilang paghahanda sa mga sports event na nangangailangan ng lakas at tibay, inilahad ni Tekong Spiker Russel Mari Bacayo ng CAF na nakatuon ang kanilang regu sa pagpapalakas sa pamamagitan ng basic drills, stretching at after-class training, mga gawaing aniya'y nakatutulong upang mapabuti ang coordination at disiplina ng koponan.

Hindi lamang pisikal na lakas ang pinaghahandaan ng mga atleta ngayong Intrams. Ayon kay Alfred James Soriano, team captain ng CVM Men's Basketball, mahalagang mapanatili ng kanilang koponan ang sportsmanship sa buong season. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Kherby Navarette ng CBM Men's Volleyball na bahagi ng kanilang paghahanda ang pagpapatatag ng tiwala at koneksyon sa loob ng team, na itinuturing nilang susi sa maayos na laro.

Para naman sa mga rookies, gaya nina CED slow pitcher Lady Erica Molina at CET lawn tennis player Jamieah Casipit, sentro ng kanilang paghahanda ang masinsinang pag-eensayo na hatid ang kanilang excitement na makaharap ang iba't ibang koponan.

Sa mga larong nangangailangan ng talas ng isip, ipinaliwanag ni CAS veteran chess player Jehosaphat Romboao na mahalaga ang pagiging alerto upang makipagsabayan sa kompetisyon.

Samantala, para sa e-sports, iniulat ni ML roamer Janelle Sumalin na nakatulong nang malaki ang kanilang intensive training sa pag-angat ng overall performance ng team, mula sa drafting at rotations hanggang sa execution ng gameplay.

Gaganapin ang University-wide Intramurals mula Nobyembre 19 hanggang 21, kasama ang pre-game activities mula sa piling sports events sa hapon ng Nobyembre 18. Sa tatlong araw na pagdiriwang, umaasa ang buong komunidad ng TAU na magiging mas maayos, masigla, at makabuluhan ang taunang palakasan.

THE GOLDEN HARVEST
THE OFFICIAL TERTIARY STUDENT PUBLICATION OF TARLAC AGRICULTURAL UNIVERSITY



Intramurals 2025: SDO, pondo, at paghahanda sa harap ng hamon

■ Danver Reontare at Kim Justin Calucup

Palakasan, pabilisan, at patalasan ng isipan—ilan lamang ito sa mga salitang naglalarawan sa diwa ng nalalapit na Intramurals 2025 sa Tarlac Agricultural University (TAU). Ngunit sa bawat sigawan, palakpakan, at tagisan ng galing, may mas malalim at hindi nakikitang kuwento: ang buwan-buwang paghahanda at ang tahimik na trabaho ng mga nasa likod ng palaro.

May mga anino ng hamon na kailangang tugunan—mula sa mga pasilidad na nangangailangan ng pagsasaayos hanggang sa mga kagamitan na kung minsan ay hindi dumarating sa takdang oras.

Tungkulin ng Sports Development Office (SDO) ang responsibilidad na tiyakin na ligtas, maayos, at kapakipakinabang ang Intramurals 2025 para sa mga estudyanteng atleta at para na rin sa mga manonood ng iba't ibang uri ng laro.

Handang-handa ba talaga? Ang SDO, oval, at ang tinatayang 300k na gastos?

Habang papalapit ang Intramurals 2025, mas tumindi ang preparasyon ng SDO. Nagsimula ang mga paghahanda ng opisina noon pang unang linggo ng Oktubre, dahil dati ay inaasahang matutuloy ang Intramurals sa ika-3 hanggang ika-7 ng Nobyembre. Ngunit, matapos muling mabago ang iskedyul dahil sa Culture and the Arts Association of State Universities and Colleges (CAASUC), kinailangan ng SDO na baguhin ang mga gawain upang hindi maantala ang mga dapat tapusin.

Ayon kay Dr. Emerson B. Cuzzamu, ang kasalukuyang SDO Director ng unibersidad, mas maaga nilang sinimulan ang paghahanda upang mabawasan ang magiging presyur sa mga susunod na linggo.

"Akala namin tuloy-tuloy na ang intrams, kaya inunahan na namin ang preparasyon," pahayag niya. Kabilang sa unang inilatag na hakbang ang paglilinis ng grounds, pag-aayos ng tennis courts, at pagtitiyak na magagamit ang iba't ibang pasilidad para sa mga palaro.

Dagdag pa ng opisyal, nakipagpulong nang dalawang beses ang opisina ng SDO katuwang ang SSC sa mga sports coordinators ng bawat kolehiyo, upang linawin ang mga tungkulin at pag-usapan ang takbo ng mga palaro. Layunin ng mga isinagawang pulong na mabawasan ang pagkalito at magkaroon ng malinaw na koordinasyon sa mismong araw ng kompetisyon.

Inasahan ng SDO ang pagdating ng mga sports equipment nang mas maaga, ngunit nagkaroon ng pagkaantala matapos maapektuhan ang supplier ng nagdaang bagyo. Ayon sa SDO, kailangan pang suriin ang bawat kagamitan bago ito gamitin.

"Ang gusto natin ay equipment na pwedeng gamitin nang matagal," pahayag ng opisyal, bilang tugon sa ilang reklamo noon tungkol sa madaling masirang gamit.

Ang isyu sa oval at ang pangako ng pagsasaayos

Ngunit sa likod ng bawat paghahanda ay nariyan ang iba't ibang hamon.

Isa sa pangunahing suliranin ngayong taon ay ang pagkatuklap at pagkasira ng tartan surface sa oval ng unibersidad. Hindi lamang ito hindi kaaya-aya sa mata—delikado rin para sa mga atleta.

Kasabay nito, inamin ni Dr. Cuzzamu na matagal na itong napabayaan matapos ang pandemya at ang paggamit para sa State Colleges and Universities Athletic Association (SCUAA). Aniya, ang ugat ng problema ay ang hindi paglalagay ng aspalto sa ilalim ng tartan, kaya sementong sahig lamang ang lumilitaw kapag nagkakaroon ng bitak o pagtuklap.

Sinubukan itong kumpunihin ng mga inhinyero ng unibersidad, ngunit hindi nagtagal ang ginamit na tartan paint.

"Hindi ganoon kadali ayusin ang ganitong surface, kaya mas mainam na ipaubaya sa eksperto," ani Dr. Cuzzamu.

Samantala, may nakalaan nang badyet para sa pagsasaayos ng oval. Sa katunayan, inatasan na rin si Dr. Cuzzamu na magsimula sa paghahanap ng kontraktor at ipa-survey ang track. Pagkatapos ng public bidding, inaasahang sisimulan ang pagkukumpuni sa offseason ng mga manlalaro sa loob ng unibersidad, pagkatapos ng SCUAA upang hindi maantala ang pagsasanay ng mga estudyanteng atleta.

-

Ayon sa SDO, layunin ng pagpapagawa na matiyak ang mas ligtas na takbuhan para sa lahat ng gagamit nito.

Basura, kagamitan, at disiplina

Sa kabila ng pisikal na paghahanda katulad na lamang ng pagpuputol ng damo at pagpapalit ng nets, mariing nanawagan si Dr. Cuzzamu, katuwang ang SSC, para sa disiplina pagdating sa pagtatapon ng basura: "Naoobserba namin na 'yung mga kapwa nating estudyante ay hindi marunong magtapon sa mga basurahan,"

Bilang tugon sa nasabing problema, nagpadala ang SDO ng communication letters sa iba't ibang kolehiyo ng unibersidad, naglalaman ang nasabing sulatin ng kani-kaniyang waste management responsibilities upang mapanatili ang kalinisan habang isinasagawa ang intrams. Ang layunin ay simple: maging responsable ang bawat estudyante hindi lang sa laro kundi pati na rin sa kapaligiran.

Mas pinaigting din ng SDO ang pagkuha ng dekalidad na sports equipment. Matapos ang maraming taon ng paggamit ng mababababang kalidad na hindi nagtatagal, nagdesisyon ang opisina na maglaan ng orihinal at matibay na mga kagamitan.

Kasabay nito, tiniyak nilang ang mga bagong kagamitan ay hindi na madaling masira. Ang mandato ng procurement ay malinaw: "Kahit mahal, basta original," ani Dr. Cuzzamu.

badyet at kalidad

Ukol sa badyet, ipinahayag ni Dr. Cuzzamu na hindi pa ito pinal dahil may mga gastusin pa sa judges at referees na kukunin para sa nasabing aktibidad ng unibersidad.

Sa usapin ng badyet, tinatayang nasa humigit-kumulang ₱300,000 ang kabuuang gagastusin ng SDO para sa Intramurals 2025. Saklaw nito ang kagamitan, trophies, pagkain ng referees at tournament staff, tokens, at iba pang pangangailangan para sa aktibidad.

Ayon kay Dr. Cuzzamu, aabot sa mahigit ₱60,000 hanggang ₱100,000 ang gugugulin para sa mga referees ng basketball at pagkain sa loob ng tatlo o apat na araw, at ang kabuuang gastos ay tinatayang madaragdagan pa.

"For example sa mga referees ng basketball so baka more or less ₱100,000 iyong magagastos kasi nga dun pa lang sa meals and snacks everyday, for three days, o sabihin mo na lang four days, ay papatak na yon ng mahigit ₱60,000," pahayag niya.

Ang badyet ay ginagamit hindi lamang sa kagamitan kundi pati na rin sa tropeo ng mga mananalong koponan ng iba't ibang kolehiyo.

Sa pagkakataong ito, mas pinili ng SDO ang bamboo trophies dahil ito'y mas matibay kumpara sa mga ginamit noong nagdaang taon.

"Ayoko na ng madaling masira," dagdag pa ng opisyal, bilang paliwanag sa pagbabago ng materyales.

Sa huli, ang tagumpay ng kaganapan ay nakasalalay sa sama-samang kooperasyon ng SDO, SSC, unibersidad, mga kolehiyo, at ng mga estudyante. Ang mas maaga at masusing paghahanda ay isang patunay na sa kabila ng abala at limitadong oras, may malinaw na direksyon para sa mas maayos at dekalidad na Intramurals.

Ang tunay na laban ay hindi nagtatapos sa pito o sa scoreboard. Nasa proseso ng paghahanda ang tunay na panalo—at doon susukatin ang Intramurals 2025 sa loob ng unibersidad.



Reign Unshaken: CET Maroon Tigers capture Back-to-Back Soccer Championships

■ Mark Sedrick Pulido

The College of Engineering and Technology (CET) Maroon Tigers proved once again why they are the undisputed kings of the pitch, securing their second straight Intramurals title after outlasting the College of Business and Management (CBM) Yellow Jaguars in a thrilling 3–2 finish.

From the opening whistle, CET Maroon Jaguars showed the composure expected from a defending champion—maintaining an organized shape and moving the ball with confidence. However, the CBM Yellow Jaguars matched that intensity with disciplined defending and sharp counterattacks of their own. And despite CET's steady control early on, it was the Jaguars who broke through first, slotting in a late first-half goal that energized their bench and momentarily stunned the crowd

The second half opened with another blow as CBM doubled their lead, momentarily putting CET in a dangerous position. But champions don't crumble—they respond.

And respond they did.

True to their name, the Maroon Tigers refused to surrender their throne. CET Maroon Tigers clawed their way back, cutting the deficit through back-to-back penalty conversions to level the score at 2–2—sending the crowd into a frenzy and reigniting the contest.

ueled by roaring chants from the sidelines, the CET Maroon Tigers shifted into a higher gear. Pushing forward with the confidence of a champion defending its crown.

The match-winning moment came off a lightning-quick counterattack—a final strike sealed the comeback, flipping the atmosphere as the Maroon Tigers completed their climb from a two-goal deficit to a triumphant lead.

As the final whistle echoed, only one truth remained:

The Maroon Tigers still rule TAU soccer. The crown stays with CET.